# **Ang Gabay sa Pamamaraan** ng Pagtunton ng Pera sa Mga Kasong Pagtatrapiko sa Mga Tao




Isang panimulang gabay para sa mga propesyonal sa paggamit ng pinansyal na mga sistema sa pag-iimbestiga ng mga kaso ng pagtatrapiko sa mga tao.

**Itong gabay sa pamamaraan** ay magagamit ng lahat ng mga bansang nasa Prosesong Bali, kabilang yaong mga bansang hindi pa nakapirma at /o pinagtibay ang Kasunduan laban sa Transnasyonal na Organisadong Krimen ng Nagkakaisang Mga Bansa (Organisadong Kumbensyon sa Krimen) at ang dalawa nitong karagdagang alituntunin, ang Tuntunin laban sa Pagpupuslit ng Mga Migrante sa pamamagitan ng Lupa, Dagat at Himpapawid; at ang Tuntunin sa Paghadlang, Pagpigil at Pagpaparusa ng Pagtatrapiko sa Mga tao, Lalo na ang Mga Kababaihan at mga Bata. Hangga't magagawa, ang mga terminong ginamit sa gabay sa pamamaraan na ito ay alinsunod dito sa tatlong mga internasyonal na mga instrumento. Subali't, para sa pagsasalinwika, ang mga opisyal na pagsasalin ng Kumbensyon at mga Protokol nito ay dapat na isangguni bilang matibay na mga punto ng pangsanggunian sa mga ginamit na termino sa gabay ng pamamaraan na ito.




Ang Prosesong Bali sa Pagpupuslit ng mga Tao, Pagtatrapiko sa mga Tao at Kaugnay na Transnasyonal na Krimen (ang Prosesong Bali) ay itinatag noong 2002 at isa itong boluntaryo at hindi-nakatali na pagkokunsultahang proseso sa rehiyon na magkasamang-pinapanguluhan ng mga pamahalaan ng Australia at Indonesia at binubuo ng mahigit 45 na mga miyembrong bansa at mga organisasyon.

Ang anumang mga pagtatanong tungkol dito sa gabay sa pamamaraan ay dapat na iparating sa Tanggapan ng Pangrehiyonal na Suporta ng Prosesong Bali sa:

Email: info@rso.baliprocess.net
RSO website: www.baliprocess.net/regional-support-office
Inilathala noong Hulyo 2018.

Disenyong Grapika gawa ng Pamahalaang Australyano Kagawaran ng Mga Gawaing Pambansa.

# Mga Pagkilala

**Itong gabay sa pamamaraan ay binuo ng mga miyembro ng Prosesong Bali, at pinangunahan ng Lupon ng Pagbalangkas ng Gabay sa Pamamaraan ng Prosesong Bali, na binubuo ng mga sumusunod na mga miyembro:**

**Yusfidli Adhyaksana,**
Segundang Pangulo II sa Transnasyonal na Pagbawi ng Ari-arian,
Sentro ng Pagbawi ng Ari-arian (PPA), Tanggapan ng Attorney-General,
Indonesia (Kasamang-Panguluhan)

**Kieran Butler,**
Tagapayo (Legal), Sangay ng Transnasyonal na Krimen,
Kagawaran ng Mga Gawaing Pambansa, Australia
(Kasamang-Panguluhan)

**Md Moslem Ali PPM (Bar),**
Karagdagang S.P. Natatanging Krimen (Mga Himpilan ng Pulisya),
Bangladesh Police, Bangladesh

**Maria Roseny Fangco,**
Natatanging Assistant,
Tanggapan ng Pangalawang Sekretaryo para sa Mga Migranteng Manggagawa,
Kagawaran ng Mga Gawaing Panlabas, Philippines

**Hazel Joy Panong,**
Legal Officer,
Tanggapan ng Pangalawang Sekretaryo para sa Mga Migranteng Manggagawa,
Kagawaran ng mga Gawaing Panlabas, Philippines

**Chonticha Daoruang,**
Direktor ng Dibisyon sa Paglilitis
Tanggapan ng Anti-Money Laundering, Thailand

**Siriut Wiwek,**
Senior na Imbestigador, Dibisyon ng Pagtutulungang Internasyonal.
Tanggapan ng Anti-Money Laundering, Thailand

**Chris Batt,**
Tagapagpayo sa Anti-Money Laundering at Kontra-Pagpipinansya ng Terorismo
Tanggapan ng Nagkaisang Mga Bansa sa Droga at Krimen

**Michael Petty,**
Tagapayo sa Pagpapatupad ng Batas,
Pantulong na Pangkat sa Anti-Money Laundering,
Kagawaran ng Gawaing Pambansa, Australia

**Rebecca Mills,**
Katulong na Direktor,
Seksyon ng Pagpupuslit ng mga Tao at Pagtatrapiko sa mgaTao
Kagawaran ng Gawaing Pambansa, Australia

Ang anumang mga pagtatanong tungkol dito sa gabay sa pamamaraan ay dapat na idirekta sa
**bali.process.tipwg@homeaffairs.gov.au**

# Paunang Salita

**Magmula nang umpisahan noong taong 2002, ang Prosesong Bali sa Pagpupuslit ng mga Tao, Pagtatrapiko sa mga Tao at Kaugnay na Transnasyonal na Krimen (Prosesong Bali) ay nagdagdag ng kamalayan sa rehiyon tungkol sa mga kahihinatnan ng pagpupuslit ng tao, pagtatrapiko sa mga tao at kaugnayang transnasyonal na krimen, at nagbuo at ipinatupad ang mga istratehiya at praktikal na pagtutulungan sa pagresponde. Magkasamang-pinanguluhan ng Indonesia at Australia, ang Prosesong Bali ay may mahigit 48 na mga miyembro, kasama ang Mataas na Komisyonado para sa mga Refugee ng Nagkaisang Mga Bansa, ang Samahang Internasyonal para sa Migrasyon at ang Tanggapan ng Mga Droga at Krimen ng Nagkakaisang Mga Bansa, pati na ang ilang mga bansang tagamasid at mga pandaigdigang ahensya.**

Doon sa ika-anim na Pagpupulong ng Mga Ministro ng Rehiyon ng Prosesong Bali noong Marso 2016, ipinaalala ng mga Ministro ang kahalagahan ng mga obligasyon ng Bansa na gawing kriminal na kasalanan ang money laundering at mga pinagkitaan galing sa krimen, na tirahin ang mga pangganyak na pinansyal sa pagtatrapiko sa mga tao at inirekomenda ang Prosesong Bali Nagbubuong Grupo para sa Nagtatrapiko sa mga Tao (Nagbubuong Grupo) ay maghatid ng pagsasanay at bumuo ng pampatnubay sa paksang ito para sa rehiyon. Pagkaraan nito, noong Mayo 2016, ginanap ng Nagbubuong Grupo sa Prosesong Bali ang Porum sa Pagtunton ng Pera, na nagrekomenda sa Nagbubuong Grupo na magbuo ng gabay sa pamamaraang pangrehiyonal (ang gabay) at isang may kaugnayang modyul sa pagsasanay para sa paggamit ng mga sistemang pinansyal na pag-iimbestiga sa mga kaso ng pagtatrapiko sa mga tao.

Sa naging pangalawang taunang pagtitipon nito noong Mayo 2016, ang Nagbubuong Grupo ay pumayag na isulong itong rekomendasyon sa ilalim ng kanilang *Abanteng Plano sa Trabaho para sa 2016–17* at magtatag ng isang Komite ng Pang-unang Bersyon na magkasamang-pinanguluhan ng mga Pamahalaan ng Republika ng Indonesia at Australia upang isaplano ang gabay. Binubuo ang Komite ng Pang-unang Bersyon ng mga eksperto sa anti-money laundering at pagtatrapiko sa mga tao mula sa Australia, Bangladesh, Indonesia, ang Pilipinas, Thailand at Tanggapan ng Mga Droga at Krimen ng Nagkakaisang mga Bansa Ang isinaplanong bersyon ng gabay ay ibinigay sa mga miyembro at mga tagamasid ng Prosesong Bali para sa isinulat na mga komento at pag-usapan sa isang lubos na May-trabahong Pagpulong sa Pagkokonsultahan ng Prosesong Bali na ginanap noong 23–24 ng Mayo 2017 sa Bali, Indonesia. Ang gabay ay ginawang pinal makaraan iyon at itinaguyod noong Oktubre 2017 sa Pagtitipon ng mga Senior na Opisyal ng Pansamantalang Pangkat ng Prosesong Bali.

Ang gabay ay boluntaryo, hindi-nagtatali at sinadya para gamiting sanggunian para sa mga opisyal ng batas at hustisya na may pananagutan sa pag-iimbestiga at pag-uusig sa mga kasong pagtatrapiko sa mga tao ng mga miyembrong Bansa ng Prosesong Bali.

## Mga Akronim at Pagdadaglat

| | |
|---|---|
| **ARIN-AP** | Magkakaugnay na Iba't-ibang Ahensya sa Pagbawi ng Ari-arian—Asya Pasipiko |
| **ASEAN** | Samahan ng Mga Timog Silangang Bansang Asyano |
| **Bali Process** | Prosesong Bali sa Pagpupuslit ng Mga Tao, Pagtatrapiko sa Mga Tao at May Kaugnayang Transnasyonal na Krimen |
| **FATF** | Pwersang Gawain ay Pagkilos sa Pinansya |
| **FIU** | Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik |
| **ILO** | Internasyonal na Samahan ng Manggagawa |
| **IOM** | Internasyonal na Samahan para sa Migrasyon |
| **MOU** | Tala ng Pagkakaintindihan |
| **NGO** | Samahang Di-Pang-gobyerno |
| **Kumbensyon ng Organisadong Krimen** | Pagpupulong ng Mga Nagkakaisang Bansa Laban sa Organisadong Krimen |
| **RSO** | Rehiyonal na Tanggapang Pantulong para sa Prosesong Bali |
| **Tuntunin ng Pagtatrapiko sa Mga Tao** | Tuntunin sa Paghadlang, Pagpigil at Pagpaparusa sa Pagtatrapiko sa Mga Tao, Lalo na Ang Mga Kababaihan, pandugtong sa Kasunduan ng Mga Nagkakaisang Mga Bansa laban sa Transnasyonal na Organisadong Krimen |
| **UN** | Nagkakaisang Mga Bansa |
| **UNHCR** | Mataas na Komisyonado ng Nakakaisang Mga Bansa para sa Refugees |
| **UNODC** | Tanggapan ng Droga at Krimen ng Nagkakaisang Mga Bansa |

# Mga Nilalaman


Buod ng Tagapamahala ..... 4

**Seksyon 1: Makatwirang Paliwanag ..... 6**

1.1 Ano ang ibig sabihin ng 'sundan ang pera'? ..... 6

1.2 Bakit ang pera ang susundan? ..... 6

1.3 Ano ang halaga ng pagtatrapiko sa mga tao? ..... 7

1.4 Ang bagong paraan ng pag-iisip—mga pagkakataon at paghamon ..... 7

1.5 Kasong pinag-aralan ..... 8

**Seksyon 2: Legal na mga balangkas ..... 9**

2.1 Mga internasyonal na pamantayan ..... 9

2.2 Kumprehensibong mga paglabag sa money laundering ..... 9

2.3 Ang mga balangkas ng epektibong pagkukumpiska ng ari-arian ..... 10

2.4 Anong mga ari-arian ang mapipigilan at mababawi? ..... 11

**Seksyon 3: Mga paraan sa money laundering kaugnay ng pagtatrapiko sa mga tao ..... 12**

3.1 Paano nila-launder ang pera? ..... 12

3.2 Mga karaniwang paraan sa money laundering ..... 13

3.3 Ang money laundering sa mga kasong pagtatrapiko sa mga tao ..... 14

**Seksyon 4: Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik (FIUs) ..... 15**

4.1 Paano natutukoy ng pamahalaan ang aktibidad ng money laundering? ..... 15

4.2 Ano ang ginagawa ng Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik? ..... 16

4.3 Paano makakasuporta sa iyong imbestigasyon ang inyong Yunit sa Pampinasyal na Paniniktik? ..... 16

4.4 Pinag-aaralang kaso ..... 18

**Seksyon 5: Imbestigasyon ..... 20**

5.1 Ano ang pinansyal na imbestigasyon? ..... 20

5.2 Paano niyo maipapakita kung paano at saan lumipat ang pera? ..... 20

5.3 Paglilikom ng impormasyon at ebidensya ..... 21

5.4 Pinag-aaralang kaso ..... 24

**Seksyon 6: Pandaigdig na pagtutulungan ..... 25**

6.1 Bakit mahalaga ang pandaigdig na pagtutulungan? ..... 25

6.2 Mga uri ng pandaigdig na pagtutulungan na karaniwang ginagamit para suportahan ang mga pinansyal na imbestigasyon ..... 25

6.3 Mga mahalagang pagsasaalang-alang ..... 26

**Seksyon 7: Mga bagong paraan ng pagbabayad ..... 28**

**Seksyon 8: Buod ng mga pabatid ..... 29**

# Buod ng Tagapamahala



Ang pagtatrapiko sa mga tao ay isang mabigat na krimen na may malubhang mga epekto sa karapatang pantao. Isa rin ito sa pinakamadaling pagkakitaang uri sa negosyo ng organisadong krimen. Tinatayang ito ang pangalawang pinakamalaking pinagkukunan ng labag sa batas na pinagkakakitaan sa buong daigdig, na nilampasan lang ng pagbebenta ng droga.[1] Tinatantiya ng Internasyonal na Samahan ng Manggagawa na ang pilit na pagtatrabaho at pagtatrapiko sa mga tao ay isang US$150 bilyon na industriya bawa't taon sa buong daigdig.[2]

Kahit na lumalaki ang pagkaalam sa paglaganap at malubhang mga epekto ng pagtatrapiko sa mga tao, ang antas ng nahahatulan ng kasalanan sa buong daigdig ay nanatiling mababa. Ang pagtunton sa pera ang nakakatulong sa pagtukoy ng daloy ng mga labag sa batas na kinita, matukoy ang mga nagkasala at mga biktima, mangolekta ng ebidensya na makakatulong sa mga pag-uusig at magawang masamsam ang mga ari-arian upang mapagkaitan ang mga kriminal na mga samahan sa kanilang labag sa batas na kinita. Itong gabay sa pamamaraan ay naglalatag ng mga paraan sa pagpapahusay ng mga pagresponde ng maykapangyarihan sa pagtatrapiko sa mga tao sa pamamagitan ng paglalakip ng paraang sundan ang pera—gagamitin ang mga teknik sa anti-money laundering at pagbawi ng ari-arain.

Ang mga Bansa ay mayroong mga obligasyon sa pagsugpo ng money laundering at mga nalikom ng krimen, na inilatag ng Pwersang Gawain ay Pagkilos sa Pinansya at nakapaloob sa maraming kumbensyon ng Nagkakaisang Mga Bansa. Kabilang dito ang pangangailangang magsabatas ng kumprehensibong mga paglabag sa money laundering at magtatag ng epektibong sistema para sa pagkandado, pagsamsam at pagkumpiska ng mga nalikom sa krimen.

Inilalarawan nitong gabay ng pamamaraan ang proseso ng money laundering at karaniwang mga pamamaraang ginagamit ng mga ugnayang kriminal sa pagtatrapiko sa mga tao na ipinagbibigay-alam ng mga miyembrong bansa ng Prosesong Bali ang kanilang mga karanasan. Sa pagkilala ng pangunahing papel na ginagampanan ng Mga Yunit sa Pinansyal na Paniniktik sa pagsuporta ng paraang sundan ang pera, ang gabay ay nagbibigay ng mga pabatid sa pagpapahusay ng pagtutulungan ng mga ahensya ng batas at hustisya at Yunit sa Pinansyal na Paniniktik. Iniisa-isa rin ng gabay ang mahahalagang baytang ng pagsasagawa ng pag-iimbestiga ng pera, kabilang ang paggamit ng mga mekanismo ng pagtutulungan ng mga bansa at may kasamang payo sa pinakamahusay na gawin at mga pinag-aaralang kaso.

Iniaalok itong gabay bilang sanggunian para makatulong sa mga propesyonal na palawakin ang kasangkapang kanilang ginagamit sa pagsugpo ng mga paglabag sa pagtatrapiko sa mga tao na pinupuntirya ang talagang katotohanang nagtutulak sa ganitong krimen ay para kumita ng pera. Ito ang bagong pokus para sa Prosesong Bali at ito ang naaalinsunod sa lumalaking pandaigdig na kaalamang ang halaga ng paggamit ng mga kagamitan sa pinansyal na pagsusuri para maputol ang transnasyonal na krimen at tumbukin ang higit na pinahahalagahan ng mga kriminal—ang kanilang mga kikitain.[3]

1 http://digitalcommons.ilr.cornell.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1016&context=forcedlabor

2 http://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/---ed_norm/---declaration/documents/publication/wcms_243391.pdf

3 Halimbawa, ipinalabas ng Konseho sa Seguridad ng Nagkakaisang Mga Bansa ang nag-iisang resolusyon (2331) tungkol sa pagtatrapiko at pang-aalipin ng tao noong 20 ng Disyembre 2016, na hinihikayat ang mga pangrehiyonal na ahensyang Pwersang Gawain ay Pagkilos sa Pinansya, istilong-Pwersang Gawain ay Pagkilos sa Pinansya na samahang rehiyonal at mga Bansa na gumawa ng ibat-ibang mga hakbang para palakasin ang mga pagsisikap na maputol ang daloy ng pera na may kinalaman sa modernong pagtatrapiko sa tao at pang-aalipin ng tao.

# Seksyon 1: Makatwirang Paliwanag



## 1.1 Ano ang ibig sabihin ng 'sundan ang pera'?

Ang pera ang dugongbuhay ng organisadong krimen. Sa pagdaan ng panahon, ang krimen ay lalong nagiging marunong na at pandaigdigan ang katayuan, ang mga kriminal ay patuloy sa paggawa ng mga bagong paraan para maitago ang mga kinita sa krimen. Bilang pagtugon, ang mga ahensya ng batas at hustisya ay palaki-ng-palaki ang pagsunod sa paraang sundan ang pera para masugpo ang malala at organisadong aktibidad ng kriminal. Kalakip dito ang pagpupuntirya sa anggulong pinansyal ng isang krimen.

Ang imbestigasyon sa pera ay anumang imbestigasyon sa mga pinansyal ng tao, mga tao o negosyo. Ang mahalagang pakay ng imbestigasyong pinansyal ay para matukoy at maitala ang naging takbo ng pera doon sa panahong nagaganap ang suspetsadong aktibidad, na ang dulong layunin ay matunugan at mausig ang mga kriminal at mabawi ang mga kinita sa krimen. Ang ugnayan sa pagitan ng mga pinagmulan ng pera, mga tagamana, kailan natanggap ang pera at saan ito nakatago o nakadeposito ay makapagbibigay ng mahalagang impormasyon at ebidensya tungkol sa kriminal na gawain.

Ang paraang sundan ang pera ay gumagamit ng dalawang mahahalagang bahagi: mga istratehiya sa anti-money laundering at mga gamit sa pagbawi ng ari-arian. Ang money laundering ay isang kriminal na paglabag na pagninegosyo sa mga kinita ng krimen para itago ang pagkakakilanlan, pinagmulan, pag-aari o destinasyon ng illegal na kinitang pera. Para sa lahat ng uri ng krimen, ang pagbawi ng ari-arian ay isang proseso para sa pag-iimbestiga, pagpigil at matanggalan ng karapatan sa mga kinita ng krimen.

## 1.2 Bakit ang pera ang susundan?

Na kagaya ng ibang organisadong mga krimen, ang ugnayan sa pagtatrapiko sa mga tao ay gumagamit ng hanay na mga teknik sa money laundering para maitago ang illegal na pinagmulan ng kanilang mga kita at maipatuloy ang matagumpay na takbo ng kanilang negosyo. Dahil dito, may mga pakinabang sa pagsasama ng paraang sundan ang pera sa mga kaso ng pagtatrapiko sa mga tao.

- Ang pagsubaybay sa daloy ng pera na may kinalaman sa pagtatrapiko sa mga tao ay makakatulong sa mga imbestigador na matukoy ang mga miyembro at biktima ng isang kriminal na ugnayan at makakolekta ng ebidensya na makakatulong sa mga pag-uusig.
  - Ito'y makakatulong sa pagbawas ng ilang bahagi sa pagdedepende sa testimonyo ng mga biktima.
  - Ito'y makakatulong din sa pagtukoy ng mga mahahalagang nagpapatakbo at mga benepisyaro ng illegal na ugnayan, na siyang mga kumikita, pero dumidistansya sa krimen.
- Ang mga paglabag sa money laundering ay isa ring magbibigay ng daan para sa pag-uusig laban sa mga kriminal na kasangkot sa pagtatrapiko sa mga tao. Ito ay kapaki-pakinabang kung sakaling hindi sapat ang ebidensya para matagumpay na makarguhan ng kaso gamit ang mga paglabag sa pagtatrapiko sa mga tao. Magbubuklat din ito ng iba pang mga paglabag ng mga regulasyong pinansyal.
- Ang pagkumpiska ng mga benepisyong nagmula sa krimen ay mayroon epektong pambalakid, pinahihina ang loob ng mga nagkasala na maaaring handang-handa na magpakulong at sila ay kumpiyansang ang mga kinita nila sa kriminal na gawain ay mapapasakamay nila sa kanilang paglaya.
- Ang epektibong pagkumpiska ng mga kinita sa krimen na kaakibat ng pagtatrapiko sa mga tao ay makakahadlang sa muling paggamit na ipuhunan ito sa kriminal na aktibidad at mabuting paganahin ang mga kinita na maaaring gamitin sa pagpapahusay ng mga gawain sa laban-sa-pagtatrapiko at magbigay ng suporta sa mga biktima.
- Ang pagpapatupad ng planong[4] batay sa walang-hatol na pagkumpiska ng ari-arian ay magbibigay din ng lalong mahusay na resulta sa kabuuang hanay na mga uri ng krimen, kasama na ang pagtatrapiko sa mga tao. Itong mga hakbang ay magbibigay ng lalong malaking pagkakataon sa mga bansa upang puntiryahin yaong mga taong kumikita pero dumidistansya sa kriminal na akto sa pamamagitan ng hindi kakailanganin ang kriminal na paghatol.

4 May dalawang paraan kung paano mababawi ang kinita sa krimen: pagbawi batay sa hatol, na nagagawang mabawi ang mga ari-arian na may kinalaman sa isang krimen matapos makuhang mahatulan sa krimen; at ang batay sa walang-hatol (o sibil) na pagsamsam, na pinapayagan ang pagpigil at pagsamsam ng mga ari-ariang sinuspetsahang galing sa mga kriminal na paraan na hindi kailangan ang pagkakaroon ng kriminal na hatol.

## 1.3 Ano ang halaga ng pagtatrapiko sa mga tao?

Ang pagtatrapiko sa mga tao ay isang malakas pagkakitaang negosyo na ginaganap sa buong daigdig. Noong 2014, tinantiya ng Tanggapan ng Internasyonal ng Paggawa na ang total na illegal na kinitang napasakamay sa pagtatrapiko sa mga tao at pang-aalipin sa buong daigdig ay US$150.2 bilyon bawa't taon.[5] Halos ang dalawang-ikatlo ng kita—US$99 bilyon—ay mula sa pwersahang sekswal na pagsasamantala.[6] Ang pagsasamantala sa di-pambahay na pagtrabaho ay humakot ng  US$43.4 bilyon sa mga tinubo at halos US$8 bilyon ay nagmula sa pagsasamantala ng pambahay na manggagawa. Pinakamataas ang mga kinita sa Asya, na siyang pinagmulan ng karamihang mga biktima. Ang taunang tubo bawa't biktima ang pinakamataas sa mga mayayamang bansa (tinatayang US$34,800 kada biktima).

## 1.4 Ang bagong paraan ng pag-iisip—mga pagkakataon at paghamon

Ang mga pagsisikap para puksain ang pagtatrapiko sa mga tao ay tradisyonal na nakasentro sa paghahabol ng paglabag sa pagtatrapiko sa mga tao, at hindi ang pinagkakitaang nakuha at ipinuhunan sa paggawa ng krimen.[7] Sa pagpapalakas ng ating puntirya doon sa bahaging pinansyal na inuugali ng maysala, ito ay naglalatag ng hanay na mga pagkakataon, ngunit kasali rin ang mga paghahamon. Ang isang mahalagang isyu ay palawakin ang ating pagkakaintindi nang kung ano ba ang masasabing tagumpay sa isang kaso ng pagtatrapiko sa mga tao, isamang tanggapin na ang kontribusyon ng pagkumpiska ng ari-arian at ang paggamit ng money laundering bilang isang alternatibong daan sa pag-uusig ay may magagawa sa pagpuksa ng ganitong uring krimen.

### Pabatid

Mangolekta ng istadistika sa mga ari-ariang nasamsam at paggamit ng mga paglabag sa money laundering para gambalain ang mga ugnayan ng pagtatrapiko sa mga tao. Isaalang-alang na isama ang mga ito bilang mga pangsukat ng pagganap sa trabaho bilang responde ng inyong Bansa sa mga kasong pagtatrapiko sa mga tao.

### Pabatid

Magbigay ng mataas na lebel na pagpapakita ng suporta para pagtibayin ang paraang sundan ang pera sa mga imbestigasyon ng kasong pagtatrapiko sa mga tao at mahikayat sa paghabol ng kaso sa lahat ng mga lebel ng inyong organisasyon. Halimbawa, ang mga senyor na opisyal ay maaaring magpalabas ng pampublikong pahayag ng pagsuporta para sa ganitong sistema.

Ang isa pang problema ay ang mga komunidad ng laban-sa-pagtatrapiko at anti-money laundering na kalimitang nagtatrabaho nang nag-iisa. Ang mga ahensya ng pagpapatupad sa batas ay kalimitang hindi alam o hindi nakapagsanay para humawak ng pinansyal na gawain kaugnay ng pagtatrapiko sa mga tao, at ang mga pinansyal na imbestigador ay maaaring may kulang sa nalalaman, sa detalyadong kaalaman ng mga modelo ng negosyo sa pagtatrapiko sa mga tao, mga merkado, at mga mas piling nagugustuhang gawin sa paglilipat ng mga illegal na pera. Sa pagsasama-sama ng pagbuo nitong mga pananaw, ito ay magbubunga ng napakalaking potensyal na maipasulong ang ating mga pagsisikap sa paglaban sa pagtatrapiko sa mga tao, ngunit kakailanganin din nito ang matibay na pangako mula sa mga Bansa, na sisirain muna ang kanya-kanyang sikreto ng mga departamento. Kakailanganin ang pagpapalaki ng kamalayan at mga aktibidad sa pagpapalakas ng kapasidad para matulungan ang mga Bansa at ang kanilang mga ahensya sa paggamit ng ganitong uri ng paraan.

### Pabatid

Magbuo ng mga istratehiya sa pamamalakad at pagsamahing mabuo ang pagkadalubhasa ng lahat na kinauukulang mga ahensya (kabilang ang pulisya, mga taga-usig, at mga Yunit ng Pampinansyal na Paniniktik upang matiyak na ang mga paglabag sa pagtatrapiko sa mga tao ay lubos na naimbestigahan.

5 Hindi kabilang ang Iginiit–ng-bansang pwersahang paggawa
6 *Mga Kinita at Karukhaan: Ang ekonomiks ng pwersahang paggawa, p. 12–13*
7 Paggamit ng mga Sistema ng Anti-money laundering upang Labanan ang Pagtatrapiko sa mga Tao (2014), Tanggapan ng Seguridad at Pagtutulungan sa Europa https://www.osce.org/secretariat/121125?download=true

Sa pagpapahusay ng paggamit ng mga teknik ng anti-money laundering para malabanan ang pagtatrapiko sa mga tao ay mangangailangan din ng matalik na pagtutulungan sa pagitan ng mga bansa, upang mapagana ang mabilisang palitan ng impormasyon na may kinalaman sa pinansyal ng mga kaso. Ang mga imbestigasyon sa pagtatrapiko sa mga tao ay may makukuhang pakinabang sa paggamit ng mga ugnayan ng pang-internasyonal na pagtutulungan sa mga problema ng money laundering, katulad ng mga palitan ng impormasyon sa pagitan ng Yunit ng Pampinansyal na Paniniktik. Ang mga Bansa ay kailangan ding makipagtulungan sa pribadong sektor, bilang isang mahalagang mayhawak na puhunan sa pagpapalipat-lipat ng mga kinitang may kinalaman sa pagtatrapiko sa mga tao mula sa isang lugar papunta sa iba.

## 1.5 Kasong pinag-aralan

Noong 1 ng Mayo 2015, isang pinagsamang militar at pulis na pwersa ang nakadiskubre ng di kukulangain sa 30 mga katawan sa isang abandonadong kampo sa Distrito ng Sadao ng Probinsyang Songkhla, malapit sa hangganan ng Thai-Malaysia. Upang masuportahan ang imbestigasyon ng pulis sa pinagsuspetsahang ugnayan ng pagtatrapiko ng tao at pagpupuslit, kinontak ng Maharlikang Pulisya ng Thailand ang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ng Thailand, ang Tanggapan ng Anti-Money Laundering ng Thailand para mag-imbestiga sa mga aktibidad na pinansyal na may kinalaman sa kaso.

Gamit ang database ng Tanggapan ng Anti-Money Laundering tungkol sa mga rekord ng pinansyal na transaksyon, naghalungkat ang mga opisyal ng Tanggapan ng Anti-Money Laundering ng mga rekord ng telegrapikong paglilipat ng pera (domestiko at internasyonal), mga ulat sa pera sa hangganan, suspetsadong mga ulat ng transaksyon, mga ulat ng transaksyon na cash, at mga ulat ng transaksyon sa ari-arian.

Bilang dagdag sa paghahalungkat sa kanilang database, humiling ang Tanggapan ng Anti-Money Laundering ng hanay ng impormasyon mula sa iba pang mga kumpanyang nag-uulat sa Tanggapan ng Anti-Money Laundering, kabilang ang:

- mga detalye ng may-hawak ng account at mga detalye ng transaksyon ng kustomer (pati na mga pahayag ng account), mula sa iba't-ibang mga bangko
- mga rekord ng pag-aari ng lupain, pag-aangkin, at bentahan na may kinalaman sa mga pinaghihinalaan mula sa Tanggapan ng Lupa ng Thailand
- mga rekord tungkol sa katayuan ng pagbabayad ng buwis ng mga mahalagang suspek sa kaso, kabilang ang mga rekord sa kanilang deklaradong mga kita, mga personal at negosyong rekord ng binayarang buwis, at mga nakadeklarang aregluhan sa bangko mula sa Tanggapan ng Pagbubuwis sa Kinita ng Thailand at
- mga detalye ng kumpanya at mga taong kaugnay sa tinukoy na mga negosyo pati na mga tirahan, pag-aari ng sapi, at mga balangkas na pampinansyal, mula sa Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Negosyo.

Sa paggamit ng mga detalye ng pahayag ng bangko at telegrapikong paglipat ng pera nasundan ng Tanggapan ng Anti-Money Laundering ang mga transaksyong pinansyal mula sa mga arestadong pinaghihinalaan sa kaso papunta sa mga dagdag pang mahahalagang suspek. Inilalarawan dito ang perang inililipat mula sa mga arestadong suspek doon sa mga bagong suspek sa pamamagitan ng direktang paglilipat sa account sa loob ng Thailand. Naipakita rin ng Tanggapan ng Anti-Money Laundering na ang ibang mga paraan ng mga bayad ay mga tagahatid ng pera at illegal na nagpapadala ng pera sa paglilipat ng pera sa pagitan ng Thailand at Malaysia. Nagawang buuin ng Tanggapan ng Anti-Money Laundering itong mga transakyon sa pamamagitan ng paglilikom ng impormasyong pinansyal at paniniktik ng tao mula sa Maharlikang Pulisya ng Thailand at isinagawa ang detalyadong pag-aanalisa ng paglilipat ng pera.

Kabilang sa mga mahahalagang pinaghihinalaan na natukoy sa paggamit ng pag-iimbestigang pinansyal at paniniktik ay mga senyor na opisyal, ang suspetsadong taga-organisa ng kriminal na ugnayan, ang dating pinuno ng pangprobinsyang organisasyong pang-administratiba, isang meyor, at isang kilalang negosyante. Kinasuhan ang mga pinaghihinalaan sa mga krimeng pagtatrapiko ng tao at money laundering. Ang Tanggapan ng Anti-Money Laundering ay humiling rin ng kautusan sa korte para masamsam ang mga illegal na kinitang may kinalaman sa mga paglabag na ito.

Ipinakikita sa kasong ito kung paanong ang pamamaraan sa pinansyal na imbestigasyon ay nakapagbunyag ng mas malaking ugnayan ng mga nagkasala at ebidensya at ang mga ugnayan sa pagitan ng mga ito, na magiging hindi sana mapapansin ng mga imbestigador kung nagkataon.

# Seksyon 2: Legal na mga balangkas

## 2.1 Mga internasyonal na pamantayan

Ang Pwersang Gawain ay Pagkilos sa Pinansya ay isang 37-na miyembrong samahang panloob ng pamahalaan na may tungkulin sa paglalatag ng mga pamantayang internasyonal sa money laundering at tinatasa ang mga bansa kung paano ito pinatutupad.[8] May mga hanay rin ng kumbensyon ang Nagkakaisang Mga Bansa na kabilang ang mga obligasyon ng mga bansa ukol sa money laundering at mga kinita sa krimen.[9] Kasama sa pangunahing obligasyong nakabalangkas dito sa mga pamantayan para sa mga Bansa ay ang pangangailangang magsabatas ng kumprehensibong mga paglabag sa money laundering at magtatag ng epektibong pamamaraan sa pagkandado, pagsamsam at pagkumpiska ng mga kinita ng krimen.

## 2.2 Kumprehensibong mga paglabag sa money laundering

Para sumunod sa mga internasyonal na pamantayan, ang batas sa kumprehensibong money laundering ay dapat:

- gawing krimen ang lahat na bahagi sa proseso ng money laundering
- maglagay sa pinakamalawak na posibleng hanay ng mga paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag,[10] kasama ang pagtatrapiko sa mga tao
- magbigay ng kapasidad na mag-imbestiga sa money laundering bilang magkaparehong nag-iisang paglabag, at bilang dagdag pa sa mga paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag
- tiyakin na hindi kakailanganing magkaroon ng paghatol sa paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag kapag pinatutunayan na ang ari-arian ang kinita sa krimen
- maglagay ng pananagutang kriminal sa mga taong legal (halimbawa, mga kumpanya)
- gamitin sa anumang uri ng ari-arian, kahit ano ang halaga nito, na direkta man o nagkataon lang na naglalarawang nagmula sa kinita ng krimen,
- palawigin ang pagkilos na nangyari sa kaibang bansa, kung ang ginawi ay isang paglabag sa ibang bansa at magiging isang paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag sa pinanggalingang bansa, at
- tiyakin na ang intensyon at kaalamang kailangan upang mapatunayan ang paglabag sa money laundering ay maaaring maintindihan base sa mga katotohanang layunin.

### Pabatid

Para maipakita ang money laundering, ang mga pangunahing bahagi na kailangang maitatag ay ang taong nagkipagkasundo sa pera ay **may alam** o **dapat na may hinala** na iyon ay nanggaling sa isang krimen, o nakatokang gamitin para sa pagsasagawa ng krimen.

8 Tingnan ang Mga Rekomendasyon ng Pwersang Gawain ay Pagkilos sa Pinansya noong 2012 at 2013 sa pagtatasa ng teknikal na pagsunod sa Mga Rekomendasyon ng Pwersang Gawain ay Pagkilos sa Pinansya at ang pagka-epektibo ng mga sistema ng Anti-Money Laundering /Transaksyon na Cash sa Pinansyal.

9 Kabilang sa mga ito: ang *Nagkakaisang Mga Bansa na Kumbensyon Laban sa Labag sa Batas na Pagtatrapiko ng Narkotikong Droga at Mga Sangkap ng Psychotropic 1988* (Pagpupulong Vienna), ang *Nagkakaisang Mga Bansa na Kumbensyon Laban sa Transnasyonal na Organisadong Krimen 2000* o Pagpupulong Palermo), at ang *2003 na Nagkakaisang Mga Bansa na Kumbensyon Laban sa Katiwalian.*

10 Ang paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag ay isang aksyon na nagbigay ng mga pinagkunan ng batayan para sa isang panibagong aktong kriminal. Halimbawa, ang pagtatrapiko sa mga tao at pagpupuslit ng mga tao ay maaaring paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag na nagbibigay ng mga pondo para sa money laundering o pagpipinansya ng terorismo.

## Pabatid

Tiyakin na ang money laundering at ang paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag ay mauusig ng magkahiwalay. Sa mga kasong ang isang paghatol ay hindi makakamit para sa isang paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag (halimbawa, pagtatrapiko sa mga tao), ngunit may ebidensya ng money laundering, magbibigay daan ito sa mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas na puntiryahin ang money laundering na isang paglabag kahiwalay sa paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag.

## 2.3 Ang mga balangkas ng epektibong pagkukumpiska ng ari-arian

Ang pagkumpiska ng ari-arian o pagsamsam ng ari-arian ang imbestigasyon, pansamantalang pagpigil, pagkaremata at pangangasiwa ng mga kinita sa krimen. Ang pagkumpiska ay maaaring batay-sa-hatol (kailangang mahatulan ang nagkasala ng paglabag sa kasong kriminal bago pa mangyari ang pagkumpiska) o batay-sa-walang hatol. Ang isang kumprehensibong pamamaraan ng pagkumpiska ng ari-arian ay magbibigay daan sa inyo na mag-imbestiga, ingatan, samsamin at pigilan ang mga kinita sa krimen. Magiging kabilang din dito ang mga hakbang sa pagsaalang-alang ng ikatlong partido (o walang kamalayang hawak) na mga pag-iinteres sa mga ari-arian, at mga hakbang na payagan ang pagkaremata ng mga ari-arian para sa pamahalaan. Marami sa mga bansang nagtaguyod ng batay-sa-walang hatol na legal na pamamaraan ay nakatamo ng napakalaking ipinagbuti ng mga kilos ng paggambala laban sa kriminal, at naging daan na magamit ang nakumpiskang pera para mahadlangan ang mga krimen sa hinaharap—halimbawa, sa pamamagitan ng mga programang pagsawata sa krimen, edukasyon at pagpapatupad ng batas.

## Pabatid: Magtatag ng batay sa walang-hatol na pagreremata

Ang batay-sa-walang hatol na pagkumpiska ay magpapasulong ng pagkaepektibo ng pamunuang mga kinita sa krimen. Ang pagbawi batay sa walang-hatol ay nagpapahintulot ng pagpigil at pagbawi ng mga ari-arian na pinaghihinalaang galing sa kriminal na paraan na hindi kakailanganin ang pagkuha ng kriminal na paghatol. Magagawa nitong:

- hayaan ang mga ari-arian na maikandado o mapigilan sa unang yugto ng pag-iiimbestiga, na makakatulong sa paghadlang na maidispatsa ang mga ari-arian habang patuloy pa ang takbo ng imbestigasyon o pag-uusig
- magbigay ng matagumpay na resulta kung ang nagkasala ay namatay, hindi matagpuan, o hindi makilala
- magbigay daan na makumpiska ang mga kinita sa kriminal na paraan para doon sa mga kumikita sa krimen ngunit dumidistansya sa kriminal na gawain sa pamamagitan ng di kakailanganin ang kriminal na paghatol, at
- magbigay daan sa pagremata ng ari-ariang hawak ng ikatlong partido na markadong narumihang ari-arian (ari-ariang ginamit o gagamitin ng isang tao para sa paggawa ng isa pang paglabag na kriminal) o nasa epektibong kontrolado ng nagkasala.

## 2.4 Anong mga ari-arian ang mapipigilan at mababawi?

Ang mga pag-aaring ginamit sa paggawa ng krimen (mga instrumentalidad) at yaong kinita galing sa krimen (mga kinita sa krimen) o ang kanilang halaga ay maaaring mapigil o mabawi. Posible ring mapigil ang ari-arian na inilagay ng kriminal sa pangalan ng ibang tao ngunit sila ang may kontrol nito. Para sa karamihang kriminal, ang pagpoprotekta ng kanilang kinita sa krimen ay pangunahing pakay at ang mga hakbang na ginagamit ng kriminal para itago ang pinanggalingan at pag-aari ng ari-arian ay naging lubusang kumplikadong paghamon sa mga imbestigador. Ang lokal na mga Batas ay dapat na naibabagay ng sapat para harapin ang paghamon ng ari-ariang hawak sa ibang bansa at magawang madistrungka ang kumplikadong istruktura ng pagmamay-ari para maitatag kung sino talaga ang may benepisyong may-ari.

Maaaring kasama sa **mga kinita sa krimen** ay mga ganansyang pera na galing sa ari-arian at ari-ariang ipinabago o inibang-anyo, ng buo o bahagi, na maging kakaibang ari-arian. Halimbawa, ang isang sasakyan, bahay o barko na biniling ginamit ang perang nagmula sa kinita sa krimeng pagtatrapiko sa mga tao ay maaaring makumpiska dahil ang perang ipinambili ay mula sa kinita sa krimen.

Ang **instrumentalidad** (o instrumento) ng krimen ay ang ari-arian na ginamit para maisagawa ang krimen at maaaring maisama, halimbawa, isang sasakyan o barkong ginamit sa pagpupuslit ng mga tao, o mga perang ginamit sa kriminal na aktibidad. Maaaring walang ebidensyang magtutukoy na ang sasakyan ay mula sa kinita sa krimen o ito ay binili na gamit ang perang pinanggalingan ay sa naunang mga kriminal na paglabag. Subali't, kung ito ay ginamit sa pagsagawa ng krimen, makukumpiska ito bilang isang instrumentalidad ng krimen.

Ang **epektibong kontrol** ng ari-arian ay nangangahulugang isang ari-arian na kontrolado ng isang tao maging mayroon man o wala siyang legal o makatarungang interes sa ari-arian o karapatan o kapangyarihan na may kinalaman sa ari-arian. Sa pagtutukoy kung ang tao ay may epektibong kontrol sa ari-arian, maraming dahilan ang titingnan kabilang ang:

- may hawak na ka-parte, papel ng utang o pwesto bilang direktor ng isang kumpanya na may pag-iinteres (direkta man o hindi) sa ari-arian
- isang kumpanyang trust na may kaugnayan sa ari-arian
- pamilya, lokal at pang-negosyong relasyon sa pagitan ng mga taong may interes sa ari-arian.

### Pabatid: Pagtatatag ng epektibong pagkumpiska ng ari-arian


Lalong mapapahusay ang mga resulta sa pagkukumpiska ng kriminal na ari-arian sa pamamagitan ng:

- Pagbibigay ng kumprehensibong impormasyon at pagsasanay sa lahat ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas, mga yunit sa pinansyal na paniniktik at mga taga-usig.
- Pagbubuo ng ispesyalistang mga grupo sa pag-iimbestiga at pag-uusig o mga yunit na may prayoridad na magtuon sa pagkukumpiska ng ari-arian.
- Paghihikayat ng mas malapitang pagtutulungan sa pinakamaagang posibleng yugto sa pagitan ng mga imbestigador at taga-usig upang mapagplanuhan ang lahat ng aspeto ng pagkumpiska ng ari-arian.
- Pagrerepaso at pagpapalakas ng lahat ng mga bahagi ng pagkukumpiska ng ari-arian sa mga legal na balangkas, kabilang ang:
  - mga kapangyarihan sa pag-iimbestiga at pagtatatag ng may benepisyong pag-aari
  - mga probiso sa pagkandado, pagpigil at pagkumpiska at
  - damayang pagtutulungang legal.

# Seksyon 3: Mga paraan sa money laundering kaugnay ng pagtatrapiko sa mga tao

## 3.1 Paano nila-launder ang pera?

Habang ang proseso ng money laundering ay may kasamang ilang iba't-ibang hakbang, ito ay kalimitang nakahiwalay ng tatlong yugto: **pagpaplasta, pagpapatong** at **integrasyon**, na nakalarawan sa ibaba.




- **Pagpaplasta** kasangkot ang pagpapapasok ng illegal na pera sa sistemang pinansyal. Halimbawa, magdedeposito ng kwaltang cash sa bangko o mamimili ng ari-arian na binayaran ng kwaltang cash.
- **Pagpapatong** kasangkot ang paglilihim ng pinagmulan ng perang ibinangko sa pamamagitan ng paglilipat o ikukubli ito. Halimbawa, gagamit ng mga propesyonal bilang tagapamagitan (gaya ng mga abogado o tagatuos ng libro) o magtatayo ng kumplikadong kumpanya o mga istruktura sa trust para mailipat ang pera.
- **Integrasyon** ay nangyayari kapag ang mga pera ay naipagpatong na at nailayo na sa pinagmulan nito at makukuha na ng mga kriminal para gamitin at kontrolin bilang lehitimong pondo. Ang pinalalabas na malinis na pera ay gagamitin bilang puhunan sa mga aktibidad tulad ng pagpopondo para sa panibagong kriminal na aktibidad o lehitimong mga negosyo (tulad ng mga kumpanya sa maysapi), o pamimili ng mamahaling mga ari-arian (tulad ng bahay at lupa) at mga gamit pangluho (mga mamahaling kotse).

## 3.2 Mga karaniwang paraan sa money laundering

Ang mga pamamaraan sa money laundering (o mga tipolohiya) saan mang lugar ay matinding naiimpluwensyahan ng ekonomiya, merkado ng panalapi at mga sistema ng anti-money laundering. Ang mga kriminal ay nagiging napakatalino sa pagbubuo ng mga paraan para maglabada ng pera.

Ang mga karaniwang paraan ng money laundering ay nakalahad sa ibaba.

| |
|---|
| **Mga bangko sa ibayong dagat**<br>Ang pera ay naihuhulog sa mga account na nasa ibang bansa, na mga bansang may mga batas na pagsisikreto ng bangko, na magreresulta ng pagbabangko na di alam ang pangalan ng may-ari. |
| **Pagpupuslit ng Cash**<br>Ang perang cash ay nadadala para maibiyaheng maitawid sa mga hangganan ng bansa para maidistansya sa mga paglabag sa pinagmulang kriminal na kinita. |
| **Kapalit/impormal na mga paglipat ng pagpadala ng bayad**<br>Ang ilang mga bansa sa Asya ay may mahusay-na-nakatatag, legal na alternatibong pagbabangko na pinapayagan ang depositing walang dokumento, mga pagpalabas ng pera at mga paglilipat. |
| **Mga hungkag na kumpanya**<br>Ang mga ito ay kumpanyang itinayo para sa solong pakay na maglabada ng pera sa pagtanggap ng illegal na kinita bilang kabayaran sa mga bagay o serbisyong hindi aktwal na naririyan at ipinalalabas lang na parang lehitimong mga transaksyon na gamit ang pekeng resibo at papeles ng balanse. |
| **Pag-iistruktura o maraming pangalan at account**<br>Ipinaghahati-hati sa maliliit na halaga ang malalaking halagang pera, hindi paghihinalaang mga halaga para maiwasan ang may hangganang pag-uulat ng pera sa Mga Yunit ng Pampinansiyang Paniniktik. Ang pera pagkatapos ay idedeposito sa isa o mahigit pang mga account sa bangko ng maraming tao o isang tao sa kahabaan ng panahon. |
| **Pamumuhunan sa mga lihitimong kumpanya**<br>Ang mga illegal na kinita ay maaaring ilagak sa lihitimong mga negosyo—lalo na sa mga batay sa cash na mga negosyo, tulad ng mga restawran at painuman—para maikubli ang pinagmulan nito. Itong mga negosyo ay maaaring mga pamprontang kumpanya na talagang nagbebenta ng gamit o serbisyo ngunit ang talagang pakay ay para maglinis ng pera ng launderer. |
| **Mga mamahaling ari-arian**<br>Ang mga mamahaling gamit at ari-arian tulad ng sining, mga sinaunang bagay, alahas, mahalagang mga metal at bato, mga barko o sasakyan at bahay at lupa ay mabibili bilang isang paraan ng ipupuhunan ulit o maikukubli ang mga kinita sa krimen. |
| **Batay-sa-Kalakal na money laundering**<br>Magagamit ang lihitimong pangkalakal upang ikubli ang mga kinita sa krimen. Isa itong sopistikadong paraan ng money laundering at maaaring kasama ang paglilipat ng illegal na kalakal, pagpepeke ng mga dokumento, maling pahayag ng mga transaksyon, at pababain—o pataasin —ang pagreresibo sa halaga ng mga kalakal. |

## 3.3 Ang money laundering sa mga kasong pagtatrapiko sa mga tao

Ang ulat na *Mga Yapak ng Pinansyal: Ang Isang Pagsusuri sa mga Pag-iimbestigang Pinansyal upang Labanan ang Pagtatrapiko sa mga Tao sa Rehiyon ng Asya Pasipiko* ay binuo para ipaalam sa seksyon ng gabay na ito. Ang ulat ay nagbibigay ng isang pangkalahatang ideya ng pangunahing pandaigdig na literatura sa mga daloy ng pinansya na may kinalaman sa pagtatrapiko sa mga tao at ang ka makailan lang na mga pangdaigdig na karanasan sa paggamit ng mga kasangkapang pampinansya sa pagsusugpo ng pagtatrapiko sa mga tao. Ito ay nag-aanalisa rin ng mga kasagutan sa isang talatanungan, kasama ang mga pinag-aaralang kaso, mula sa mga miyembrong bansa ng Prosesong Bali.

Ang ulat ay nagtatawag-pansin na limitado ang datos at istadistika na matutunghayan sa pagtatrapiko sa mga tao at ang nauukol ditong mga pinansyang daloy pandaigdigan man o sa rehiyon ng Pasipiko Asya. May dalawang potensyal na mga daan para sa pag-uusisa tungkol sa mga daloy ng pera na may kinalaman sa pagtatrapiko sa mga tao: ang daloy ng illegal na mga pondong nila-launder ng tagatrapiko; at ang daloy ng mga pera mula sa mga taong natrapiko, lalo na sa paggamit ng mga serbisyong paglilipat ng pera para magpadala ng padalang-bayad sa pamilya ng bansang pinanggalingan, o sa paggamit ng mga account ng bangko o mga serbisyo ng paglilipat ng pera para sa pagbabayad ng mga utang sa mga taong nagtatrapiko.

Lalong limitado ang datos na matutunghayan sa daloy ng pera mula sa mga taong natrapiko. Itong impormasyon ay maaaring may malaking kahalagahan para magbigay-alam sa isang sistemang nakasentro sa biktima na paraan at kung kukunsiderahin ang partikular na klase ng pagtatrapiko (halimbawa, sekswal na pansasamantala). Ang kamakailang mga pag-aaral at mga inilathalang babasahin ng pamahalaan ay nagpopokus din ng mga paraan ng money laundering at isinaaalang–alang ang pagtatrapiko sa mga tao at pagpupuslit ng migrante sa ilalim ng iisang kategorya. Nagreresulta ito ng isang malawak na mga paliwanag ng mga pamamaraan at pantukoy nitong mga krimen. Mahalaga ang mas mabuting datos at pag-aanalisa sa pagsusuporta ng mga pagtatasa ng peligro, na makapagbigay ng gabay sa mga pagresponde ng hustisyang pangkriminal at mga mailalahad ng pribadong sektor doon sa mga naging kasagutan.

Naglarawan din ang ulat ng *Mga Yapak ng Pinansya* sa kamakailan lang na mga internasyonal na halimbawa ng pagtutulungan ng publiko at pribadong sektor para matunugan ang pagtatrapiko sa mga tao, suportahan ang matagumpay na pag-uusig sa mga taong nagtatrapiko at patibayin ang sistemang pinansyal laban sa paggamit nito sa illegal na mga pakay. Itong pagtutulungan ay nagpapakita ng malaking potensyal na mas mabuting isali ang pribadong sektor bilang isang linya ng pagtatanggol laban sa pagtatrapiko sa mga tao at gamitin ang nauukol na kaalaman at kadalubhasaan para suportahan ang mga imbestigasyon at pag-uusig.

Ang mga kasagutan sa talatanungan mula sa mga miyembrong bansa ng Prosesong Bali ay nagtukoy ng sumusunod na pangunahing pamamaraan ng laundering sa kinita ng pagtatrapiko sa mga tao sa rehiyon:

- paggamit ng mababang halagang mga transaksyon (malimit ay mababa sa hangganan ng pag-uulat)
- paggamit ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa paglipat ng pera o halaga
- pinagsasama ang mga kinita sa lihitimong kita ng negosyo, at
- ang paglilipat ng mga kinita sa ibang tao.


Ang mga sagot sa talatanungan ay nagtukoy din ng isang pangunahing pampinansyang senyal na ang istilo ng pamumuhay ng isang tao ay hindi bumabagay sa kanyang resonableng pinagkakakitaan. Sa mga pag-iimbestiga ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas, pinaghihinalaang mga transaksyon na isinampa ng mga bangko at mga reklamo ng biktima ang siyang pinakakaraniwang paraan na natiktikan ang pagtatrapiko sa mga tao o money laundering na may kinalaman sa pagtatrapiko sa mga tao.[11]

11 Ibid p.35

# Seksyon 4: Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik (FIUs)

## 4.1 Paano natutukoy ng pamahalaan ang aktibidad ng money laundering?

May pangunahing ginagampanang papel ang Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik sa pagpapahusay ng epektibong sistema na sundan ang pera. Upang malaman kung ang tao o negosyo ay nag-laundering money, kailangan ng pamahalaan ang impormasyon mula sa mga bangko at iba pang institusyon na hindi pambangko at mga propesyonal, tulad ng mga casino, mga tagapagbigay ng serbisyo sa kumpanya, mga abogado at mga tagatuos ng libro. Ang mga pamantayan ng Anti-Money Laundering ay naglatag ng kung sinong mga nilalang ang kailangang mag-ulat ng mga transaksyon na kahina-hinala, at ang mga ito'y tinatawag na mga nilalang na nag-uulat. Ang pamahalaan sa pamamagitan ng kanilang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay pagkatapos kumukuha ng impormasyon mula sa mga nilalang na nag-uulat na dumadaan sa mga report na tawag ay pinaghihinalaang transaksyon o bagay na mga ulat. Ina-analisa ng Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ang impormasyong ito at ibinibigay ito sa iba pang mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas. Ipinapakita ng krokis sa ibaba ang mga daloy ng impormasyon patungo at mula sa isang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik.




*Krokis mula sa: Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik: Isang Pangkalahatang Pananaw, Pandaigdigang Bangko ng Internasyonal Na Pondohan ng Pera, 2004* [12]

12 https://www.imf.org/external/pubs/ft/FIU/fiu.pdf

## 4.2 Ano ang ginagawa ng Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik?

Ang magkakaibang bansa ay mayroong iba't-ibang uri ng Mga Yunit sa Pampinansyal na Paninitktik, nakadepende kung ano ang nababagay sa kanilang mga pangangailangan at kahulugan ng kanilang trabaho. Ang lahat ng Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay may tungkulin sa pagtanggap, pagsusuri at pagpapakalat ng pinansyal na intelenhensiya.

Hinikayat ng Pwersang Gawain ay Pagkilos sa Pinansya ang Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik na magsalang ng aplikasyon para maging miyembro ng **Grupo ng Egmont ng Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik** isang pandaigdig na samahan ng 152 na Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik.

Ang pangunahing bahagi ng mga gawain ng Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay ang kanilang abilidad na makipagtulungan sa tagalabas na mga katapat sa trabaho para sa pagbabahagian ng impormasyon sa pamamagitan ng Ligtas na Web ng Egmont (ESW).[13] Subali't, kahit na ang pagpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay madaling makapagbibigay ng natiktikang pampinansya, hindi ito magagamit bilang ebidensya sa mga kasong kriminal kung walang pahintulot ang nagbigay na Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik.

Ang pangunahing pagkakaiba na nag-iimpluwensya kung paanong masusuportahan ng isang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ang imbestigasyon o pag-uusig ay dahil sa ang ilang Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay may kapangyarihang makapag-imbestiga samantalang ang iba naman ay wala. Makakasama sa kapangyarihang ito ang pagkandado ng transaksyon at magsamsam ng mga ari-arian. Marami rin sa mga Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ang may ginampanang papel sa pagtuturo sa industriya tungkol sa mga paraan ng money laundering at pagpapatupad ng pagsunod sa mga probisyon ng batas sa pamamagitan ng pagmumulta at mga parusa sa hindi pagsunod.

## Pabatid: Magsulong ng aktibong pakikitungo sa inyong Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik

- Maghikayat ng regular na pagbabahagian ng impormasyon sa pagitan ng mga ahensya.
- Isaalang-alang ang pagpupwesto-sa-iba o itinanim na mga opisyal mula sa inyong Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik na ahensyang nag-iimbestiga o espesyalistang mga grupo ng taga-imbestiga at magpalitan ang magkabilang panig, para matiyak na may dalawang daanan ng pagpapalitan ng mga nakikita at karanasan.

## 4.3 Paano makakasuporta sa iyong imbestigasyon ang inyong Yunit sa Pampinasyal na Paniniktik?

Ang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay makapagbibigay ng mahalagang impormasyon at tulong sa pagsuporta sa imbestigasyon at pag-uusig ng kasong pagtatrapiko sa mga tao. May listahan sa ibaba na mga klase ng tulong na naibibigay ng Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik. Ang modelo ng Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik sa inyong bansa ay makakaapekto sa uri ng suportang maibibigay sa iyo. Makakasuporta ang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik sa **imbestigasyon** sa pamamagitan ng:

- Paggawa ng **mga ulat sa intelehensiyang pampinansya** na makapagpapatunay ng mga koneksyon sa pagitan ng mga indibidwal at nilalang na pinaghihinalaang kasangkot sa money laundering at mga kriminal na gawain.
- Magbibigay ng **pinansyal na impormasyon** na nauukol sa kahinahinalang mga ulat ng transaksyon, mga ulat ng transaksyong cash, mga ulat ng tawid-hangganan na cash, at iba pang may kinalamang impormasyon. Ito ay maaaring makatulong sa iyong **matukoy ang mga kriminal na nagkasala** at **masuportahan ang umaandar nang mga imbestigasyon** o **magsagawa ng mga bagong kaso**.
  - Ang **maagang pagtukoy sa suspetsadong mga pinansyal na transaksyon** ay nakatutulong sa paghahadlang na maganap ang mga aksyong kriminal, halimbawa, sa mga kasong terorismo o magtutukoy ng kasalukuyang nagaganap na kriminal na aktibidad, tulad ng magbabayad sa isang nagtatrapiko ng mga tao.
- **Sa ilang mga hurisdiksyon, may kakayahan na magkandado ng mga account at magsamsam ng mga ari-arian,** at sa iba namang kaso, para **maharang ang mga transaksyon sa loob ng maikling panahon.** Ito ay makatutulong sa iyong maitago ng ligtas ang mga pera habang nabibigyan ka ng oras para magsagawa ng karagdagang mga pag-uusisa para mapatunayan ang isang teorya.
- **Pagbibigay ng pinansyal na pagkadalubhasa para masuportahan ang imbestigasyon**—halimbawa, ang iyong Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay maaaring makapagbigay ng mga serbisyo ng isang tagatuos na porensik para mag-imbestiga at mag-analisa ng ebidensyang pinansyal, at sa ilang mga pangyayari, ay makatutulong sa mga pagdinig ng mga kaso.

13 Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik: Isang Pangkalahatang Pananaw Internasyonal na Pondohan ng Pera-Pandaigdigang Bangko 2004. http://www.egmontgroup.org/about/financial-intelligence-units-fius
Listahan ng Grupong Egmont na Mga Miyembrong Bansa, pakitingnan https://www.egmontgroup.org/en/membership/list

- **Pagpapahusay ng pandaigdig na pagbabahagian ng impormasyon** sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ibang bansa ng kanilang mga katapat sa trabaho. Halimbawa, ang ilang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay may pahintulot na makipagpalitan ng impormasyon sa ibang bansang mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas, at ang ilan namang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay awtorisadong makibahagi ng impormasyon sa mga internasyonal na organisasyon na kabilang ang PULIS INTERNASYONAL at PULIS EUROPA.
- Sa ilang mga kaso, depende sa modelo ng Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik sa inyong bansa, ang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ay **maaaring magsagawa ng aktwal na imbestigasyon, o sumali sa mga pinagsamang mga pwersang gumagawa.**

## Pabatid

Makitungo sa inyong Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik nang habang maaga pa sa pag-iimbestigasyon upang matukoy kung paano sila makakasuporta sa inyo.

## Pabatid

Ang iyong suspek ay maaaring nakatimbre na sa database ng Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik. Kunsiderahin ang pagpadala ng kahilingan sa Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik at humihiling ng mga nariyan nang mga ulat, pati na ang mga kahilingan sa ibang mga bansa kung saan nagbiyahe ang iyong suspek o kung sila ba ay tumanggap o nagpadala ng pera sa ibayong dagat.

Makakasuporta ang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik sa **pagsasakdal** sa pamamagitan ng:

- **Isagawa ang mga pag-uusisa** para masuportahan ang mga taga-usig kung mayroong mga kulang sa pinansyal na impormasyon.
- **Magbigay ng pinansyal na pagkadalubhasa para suportahan** ang paglilitis, na kabilang ang pagbibigay ng ekspertong ebidensya para ipaliwanag ang kumplikadong mga pinansyal na transaksyon.

Ang Mga Yunit sa Pampinansyal na Paninitktik ay makakatulong sa mga gawaing **paghadlang** sa pamamagitan ng:

- Paggawa ng mga **produktong pang-intelehensya**. Kabilang dito ang impormasyong galing sa mga kaparehong ahente ng ibang bansa, sa pamamagitan ng Yunit sa Pampinansyal na Paninitktik sa kapwa Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik na mga ugnayan na magpapahusay ng mabilisang palitan ng impormasyon tagusan sa mga nasasakupan (kadalasang mas mabilis pa damayang pagtutulungang legal na paraan o mga daanang pangdiplomatiko).
- Paggawa ng **mga ulat sa tipolohiya** at pagsasagawa ng pananaliksik para matukoy ang mga transaksyong pinansyal at mga katangian ng account na siyang senyales ng isang partikular na paglabag. Makakatulong itong magbigay ng impormasyon sa mga gawaing mahahadlangan at maiimbestigahan ng mga tagapagpatupad ng batas at mga nilalang na nag-uulat.
- **Pagsasanay sa kawani** ng mga nilalang na nag-uulat sa pagtukoy ng suspetsadong mga transaksyon.
- Pagbibigay ng **mga programang magkaroon ng kaalaman ang industriya** at tiyakin na sumusunod sa utos ang kumpanya sa  pagpigil na mga hakbang ng Anti-Money Laundering sa pamamagitan ng pagtuturo at pagpapatupad ng mga kinakailangan ng regulasyon.


## 4.4 Pinag-aaralang kaso

**Kinagisnan**

Noong Abril 2016, naakit ang atensyon ng publiko sa Indonesia dahil sa kaso ng tatlong migranteng manggagawa na taga Timor-Leste na namatay sa Malaysia. Ang pamilya ng isa sa mga manggagawa ay walang alam na ang babae ay nagtatrabaho sa ibang bansa magmula ng maglaho noong ika-2 ng Setyembre 2015. Ang East Nusa Tenggara (NTT) ay pang-siyam na pinakamalaking probinsya ng Indonesia na nagpapadala ng mga manggagawa sa ibayong dagat at dumanas ng pinakamaraming mga namatay na migranteng manggagawa sa Indonesia. Sa pagitan ng 2015 at 2016, may tinatayang 4144 NTT na mga tao ang naipadala sa ibayong dagat. Tinatayang ang 99 na mga migranteng manggagawa mula sa NTT ay namatay noong panahon ng 2015 hanggang 2017. Ang Pangulo ng Indonesia ay nag-utos sa Pambansang Pulis ng Indonesia na mag-imbestiga sa problema, na nagresulta sa pagtatatag ng Pwersang Laan sa Pagtatrapiko ng mga Tao at ang kautusan sa Hepe ng Pulis sa Distrito ng Kupang na mag-imbestiga sa kaso. Sa loob ng imbestigasyon, natukoy ang 12 mga ugnayan ng pagtatrapiko sa mga tao na nakakalat tagusan ng Indonesia at Malaysia.

**Ang Mga Daloy ng Kwalta**

Sa loob ng panahong Enero 2015 hanggang Agosto 2016, matagumpay na nakapagdispatsa ang ugnayan ng 2279 na mga migranteng manggagawa sa Malaysia. Ang mga halaga ng kabuuang transaksyon na napasakamay ng ugnayan galing sa pagpapalabas ng mga taong iyon ay nagkakahalagang US$563,446.00. Batay sa datos ng pinansyal na transaksyon, ang lumalabag na nangasiwa sa mga illegal na mga ahente sa Paliparan ng Eltari ay tumanggap ng US $244,125.69 doon sa panahon ng 1 ng Enero 2015 hanggang 8 ng Agosto 2016. Ito ay kaugnay ng pagpapalabas ng 1787 na mga katao patungo sa Malaysia, Singapore, Hong Kong at Saudi Arabia kabilang ang 48 na mga bata.



Ang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik ng Indonesia na PPATK ay nagsagawa ng analisis ng 64 na mga suspetsadong ulat ng transaksyon na nagpakita ng:

- Ang halagang US$13.5 milyon ay ibinayad na nauukol sa 48 na mga partidong inimbestigahan ng Distrito ng Pulis ng Kupang.
- Ang mga kaugnayan ng mga ugnayan ng pagtatrapiko ng mga tao na gumagana sa NTT.
- Nakatulong ang pagsusuri na matukoy ang mga tagapondo ng gastos na nagpondo sa mga pagpapatakbo ng pagbebenta ng tao sa East Nusa Tenggara.
- Sinuportahan ng pagsusuri ang mga imbestigador sa paggawa ng mapa ng mga ugnayan sa pamamagitan ng pagsunod sa sistemang sundan ang daloy ng pera.

**MGA PULANG BANDERA**

| Numero. | Mga Senyales ng Pulang Bandera | Mga Pag-iba-iba | Mga Halimbawa |
|---|---|---|---|
| 1 | Mga Uri ng mga kustomer | Mga Pribadong Sektor | • mga may-ari/empleyado ng PPTKIS (kapwa legal at illegal)<br>• mga tagapalit ng pera<br>• may-ari/empleyado ng pag-tour at pagbibiyahe na negosyo<br>• mga serbisyong panghimpapawid<br>• mga serbisyong pangkargo/transportasyon<br>• mga serbisyong paupahan |
| | | Mga Pampublikong Sektor | • mga opisyal ng imigrasyon<br>• tagabantay sa abiyasyon<br>• tauhang militar<br>• mga opisyal ng pulisya |
| 2 | Mga Pinagbabatayang transaksyon | Mga Punongsalita | Mga kabataan/bata; mga tao; tiket; bayad pananghalian; mga katulong sa bahay; mga singil sa pasaporte; pagbibiyahe; mga maid; RM; singil sa sweldo; sweldo ng bata atbp. |
| 3 | Mga Daanan ng transaksyon | Sistema ng Pagbabangko | • sobrang pagpalista<br>• inilipat gamit ang ATM<br>• mga transaksyon dumaan sa IB/MB<br>• mga pagpadala ng pera sa telegrama |
| 4 | Mga modelo ng transaksyon | Kasamang-Paghaluin | Ang paghahalo ng kinita sa lihitimong negosyo sa mga kinita sa krimen, na nakita sa mga account ng ilang mga partido na kilala bilang PPATKIS na mga may-ari/empleyado. May senyales ng pagkukubli/pagtatago ng mga pinagmulan ng mga kinitang krimen. |
| 5 | Ang analisis ng mga pinansyal na transaksyon ay nagbigay daan din sa pagtutugma ng mga baytang ng mga akitbidad sa pagtatrapiko magmula sa tagdan ng pangangalap sa kapaligiran, pagpabahay, biyahe mula sa bayang tinitirhan papunta at destinasyon na mga siyudad/mga bansa, pagpepeke ng dokumento, sa mga alegasyong pagsusuhol sa mga opisina ng pamahalaan. Ginamit ng imbestigasyon ang paraan sa pagtutugma sa pamamagitan ng paggamit ng impormasyon mula sa mga diskripsyon ng mayhawak ng account, petsa ng mga transaksyon, halaga ng transaksyon at mga lugar ng transaksyon. | | |

**Mga resulta**

Nagawa ng mga imbestigador ng Distrito ng Pulis sa Kupang na mabuwag ang 11 mga ugnayan at natukoy ang 32 na mga suspek. Sa 32 na mga suspek, ang 11 sa mga suspek ay nahatulan ng korte ng pagtatrapiko sa mga tao, na may mga sentensyang pagkakakulong ng 2 hanggang 9 na taon. Nagpataw din ang korte ng parusang multa na nagkakahalagang US$9,230.00 hanggang US$153,800.00 at naglaan sa pagpapabalik ng pera sa mga biktima at nang pamilya ng namatay na mga biktima ng nagkakahalagang pagitan ng US$77.00 hanggang US$4,230.00. Ang Opisyal ng Imigrasyon sa paliparan na nasa kasong pagtatrapiko sa mga tao ay nakatanggap ng hatol na 4 na taong pagkakakulong, multang umabot ng US$15,300.00 at pagpapabalik ng pera sa pamilya ng biktima na US$77.00.

# Seksyon 5: Imbestigasyon

## 5.1 Ano ang pinansyal na imbestigasyon?

Ang pinansyal na imbestigasyon ay isang teknik sa pag-iimbestiga na ginamit para makalikom ng impormasyon, kaalaman at ebidensya sa malawak na hanay ng mga mapagkukunan tungkol sa pinansyal na kasaysayan at aktibidad ng suspek o testigo sa paglilitis ng kaso. Tinitingan sa pinansyal na imbestigasyon ang lahat ng mga bahaging pinansyal na may kinalaman sa krimen, pati na ang perang ipinuhunan sa paghahanda at pagsasagawa ng krimen, mga gastusing nangyari habang isinasagawa ang krimen, at ang mga bayad at kinitang natanggap sa paggawa ng krimen.

Ang paglabag sa money laundering ay magagamit sa anumang yugto nitong prosesong pinansyal, na ang mahalagang kinakailangan ay ang mapatunayan na ang taong nakipagkasundo sa pera ay **may alam o dapat na nagsuspetsa na ito ay nanggaling sa krimen o nakatoka para gamitin sa paggawa ng krimen**. Makakamit ito kung pagtitipunin ng sama-sama ang mga iba't-ibang pagkukunan ng impormasyon para makuro itong kahinahinala o hindi pangkaraniwang gawain.



## Pabatid

Ang mga mahalagang layunin sa pinansyal na imbestigasyon ay para matukoy at maitala ang **naging galaw ng pera** doon sa panahong nangyayari ang paglabag at matukoy ang iba pang mga kasama sa paglabag at mga kinita. Ang ugnayan sa pagitan ng kung saan nagmula ang pera, sino ang tumanggap, kailan ito natanggap at kung saan ito nakatago o nakadeposito **ay makapagbibigay ng pruweba ng kriminal na gawain.**

## 5.2 Paano niyo maipapakita kung paano at saan lumipat ang pera?

Anumang rekord na nag-uukol sa o naglalarawan ng bakas ng mga pangyayaring sangkot ang pera ay mahalaga. Habang ang ibang mga bansa ay nanatiling batay sa cash ang mga ekonomiya, dumadami na ang mga taong gumagamit ng elektronikong sistema sa pagbabangko, telegrapikong mga pagpapalipat ng pera, mga kard ng bangko at internet na pagbabangko—ang lahat ng mga ito ay nag-iiwan ng bakas. Subali't, kahit na batay sa cash na transaksyon, mayroon pa ring rekord na lalabas, gaya ng kasulatan, kontrata, resibo o libro ng pagkwenta, at atbp. Ang likas na katangian ng ganitong mga transaksyon, elektroniko man o hindi at ang kanilang nauugnay na mga rekord ay nagbibigay sa mga imbestigador ng halos walang katapusang mapagkukunan ng impormasyon o ebidensya.

Ang pinagmulan ng impormasyon, pagmamanman o ebidensyang nauukol sa galaw ng pera o halaga ng pera ay mag-iiba-iba depende sa klase ng imbestigasyon. Subali't sa karamihang mga imbestigasyon, ilang mga karaniwang pinagmulan ay ang regular na ginagamit. Kabilang dito ngunit hindi limitado sa:

- Ang suspek (mga basura sa bulsa)
- Pangtransportasyon / barkong magdadala
- Iba pang mga negosyo at propesyon
- Teleponong mobile
- Mga bangko
- Mga paglingkurang kumpanya
- Mga kumpanyang paseguro
- Mga kagawaran ng parehistro ng sasakyan
- Mga ahensyang pangpautang
- Patalaan ng lupa
- Mga tagapagbigay ng pensyon
- Mga awtoridad sa buwis /seguridad na panglipunan
- Mga parehistruhan at awtoridad ng pamahalaan
- Mga kard ng katapatan, gaya ng madalas ang paglipad sa kumpanya ng eroplano at mga kard ng pagkamiyembro sa otel

Tatlong mga natatanging pagkukunan ang sulit na bigyang pansin: (1) mga bangko, sila ang pinaka-nangingibabaw na makukunan ng impormasyon; (2) mga bayarin sa utililidad; at (3) mga kard ng katapatan, na nagbibigay ng mahalagang impormasyon, kaya lang hindi gaanong ginagamit.

**Mga bangko**
Kabilang sa impormasyong nakukuha sa mga bangko ay rekord sa pagbubukas ng account (may pakinabang sa nakalagay na identipikasyon, trabaho at nakadeklarang kita), kasa-kasama ang buong kasaysayan ng account. Makukuha ang kopya ng mga pahayag ng bangko na nagpapakita ng mga kredito, debit at balanse pati na tseke, mga komprobanteng kredito at iba pang dokumentasyon ng transaksyon, gayundin ang anumang mga ginawang isinulat na mga nota ng opisyal ng bangko sa kahabaan ng panahong nagnegosyo ang account. Para sa gamit ng debit o kredit ng kard, maaari ding may pakinabang sa impormasyon nito sa pagguhit ng mapa ng iginagalaw ng indibidwal, ang restawrang kinakainan, ang mga kalakal na binibili, lugar na laging pinupuntahan, ang mga klab at mga panlipunang pasyalan na kanilang binisita. Ito ay maghahantong sa paglabas ng iba pang account, napatunayan man o hindi na alibi, makalkula ang ginagastos kumpara sa istilo ng pamumuhay, at tukuyin ang iba pang mga kasamahang kriminal. Kapag ipapantay sa tunay na takbo ng oras, ang impormasyon ay magagamit ding paghahanap sa kinalalagyan ng mga indibidwal.

**Mga bayarin sa tubig /ilaw**
Bilang karagdagan sa pagpatunay ng katayuan bilang residente, ang mga pag-uusisa sa mga kumpanya ng tubig/ilaw ay kalimitang nagpapalitaw ng dating di-kilalang mga account, mga pinagkasunduan na pangpinansya o lilitaw na ibang mga kasamahan na maaaring siyang nagbabayad sa serbisyo. Sa kaparehong paraan, ang kaso ng internet at tagapagbigay ng serbisyo sa telepono ay humahantong din sa pagkakilala sa mga taong sinusubaybayan at iba pang mga kasamahang kriminal.

**Mga kard ng katapatan**
Ang mga kard ng miyembro sa madalas ang paglipad sa kumpanya ng eroplano tulad ng One World, Star Alliance o Sky Team o kard ng katapatan ng mga malalaking otel na Hilton, Starwood o Marriott Hotel ay makapagbibigay ng yaman ng impormasyon. Kabilang dito ang: maikling larawan ng buhay ng kustomer gaya ng pangalan, babae o lalaki, tirahan, email at numero ng teleponong mobile, at ang mga detalye ng bangko/pang-kreditong kard na mga account na ginamit sa pagbabayad ng mga serbisyo. Mga detalye ng eroplanong sinakyan, mga binisitang otel at kung sino ang kasa-kasama ng biyahero noong mga oras na yaon ay malalaman din.

## Pabatid

Ang iyong suspek ay maaaring nagkukubli ng pera sa ilalim ng mga pangalan ng miyembro ng pamilya o malalapit na mga kasamahang personal o sa negosyo. Tiyakin na sa iyong mga paghahanap ay nakakabilang ang mga taong maaaring humahawak o naglilipat ng pera para sa iyong suspek.

## 5.3 Paglilikom ng impormasyon at ebidensya

Mabuting gawain ang pagtatatag ng kahanay na mga pinansyal na imbestigasyon bilang bahagi ng pangkalahatang pag-iimbestiga ng pagtatrapiko sa mga tao. Ang koordinasyon sa pagitan ng mga imbestigador, mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik, mga taga-usig ay magdadala ng dagdag na kahalagahan sa kriminal na imbestigasyon ng pagtatrapiko sa mga tao, at makakatulong din sa inyong bansa na maabot ang pandaigdig na mga pamantayan sa anti-money laundering.

## Pabatid

Magbuo ng isang **aktibong kahanay na pinansyal na pag-iimbestiga** kasabay ng iyong mga pag-iimbestiga sa lahat ng mga paglabag sa pagtatrapiko sa mga tao. Ang makukuha mong ebidensya ay maaaring makatulong na mapatunayang ang lumitaw na paglabag mula sa unang paglabag at maaaring mapatunayan din ang isang hiwalay na paglabag sa money laundering.

Makakamtan ito sa pagsasama ng isang **listahan ng pinansyal na pag-iimbistiga** bilang bahagi ng iyong karaniwang mga pamamaraan sa pagpapalakad ng isang imbestigasyon.

## Pabatid

Tiyakin na ang iyong mga pagresponde ay pagtitipunin ng sama-sama sa **kadalubhasaan ng lahat ng may kinalamang mga ahensya** (mga imbestigador, Mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik at mga taga-usig) upang matiyak na ang mga paglabag ay lubos na naimbestigahan.

Ang impormasyon ay maaari ding makuha mula sa alinman sa nakabukas-na-pagkukunan o saradong-pagkukunan, tulad ng internet at kumpanya o mga rekord sa rehistro ng lupa (nakabukas) at ang mga bangko o rekord sa buwis (nakasara).

Sa lahat ng mga kaso, kapag ginagamit ang impormasyon, ang mga pinansyal na imbestigador ay dapat magtrabaho ng napapaloob sa kanilang lokal na pamamaraang legal at magawang panindigan ang ganyang mga pag-uusisa na kasukat, lehitimo, mapapanagutan at kinakailangan sa ginagawang pag-iimbestiga. Ito ay mahahalagang mga punto para maipakita na dahil sa mapanghimasok na mga kapangyarihang hawak ng mga imbestigador ay magagawa nilang di pansinin ang pagkakumpidensyal ng kliyente at masuway ang pangunahing karapatan ng tao sa pagkapribado. Kailangang magmementena ng mahigpit na kontrol at mga kundisyon sa paggamit ng impormasyon sa lahat ng mga oras.

## Pabatid: Tiyakin na kaya mong maipakita na ang iyong mga pag-uusisa ay:

- Kasukat
  - Ang aksyon ba ay kabagay sa banta?
  - Mayroon bang mas hindi mapanghimasok na paraan para matamo ang hinahangad?
- Lehitimo
  - May legal bang batayan ang aksyon?
  - Ang aksyon ba ay alinsunod sa mga obligasyong legal, pati na mga karapatang pantao, pagkapribado, proteksyon ng datos at mga pinasusunod sa pagka-kumpidensyal?
- Mapapanagutan
  - Ang mga desisyon ba ay mapapanagutan?
- Kinakailangan
  - Kinakailangan ba ang aksyon?
  - Mayroon bang malaking kahalagahan ang impormasyon sa imbestigasyon?

Ang epektibong paggamit ng sistema ng pamamahala ng kaso, maging gaano man kasimple ay mahalaga para sa isang pinansyal na pag-iimbestiga. Malimit ang kalakihan ng impormasyong nakukuha ay ga-bundok. Ang malinaw na rekord na kung ano ang nakuha at nagmula saan, ang makakatulong sa pag-aalis ng anumang mga kahirapan sa bandang huli ng imbestigasyon o paglilitis. Makakatulong din ang pagkakaroon ng isang uri ng rekord sa pamamaraan o desisyon kapag matatanong na panagutan sa bandang huli kung bakit may mga mapanghimasok na ginawang aksyon.

## ⚠ BABALA

**Maraming mga kaso ang nawala na lang gawa ng pobreng pamamahala ng dokumento dahil sa nawalan ng kakayahang mapatunayan batay sa batas ng pagsamsam o ang pagkakadugtong-dugtong ng pagka-kustudya kung kailan at saan nasamsam ang dokumento.**

## Pabatid

Gumamit ng sistema ng pamamahala ng kaso para masundan ang pinansyal na impormasyon na inyong nakuha sa kabuuan ng inyong imbestigasyon.

## Pabatid

Tiyakin na ang dokumentong inyong nasamsam ay indibidwal na nalagyan ng pantanda at nakatala sa rekord ng ari-ariang nasamsam at itago sa isang ligtas na lugar na may rekord na nakalista ang pagkakadugtong-dugtong ng pagkukustudya.

## 5.4 Pinag-aaralang kaso

***Si Mae Ja Kim, nahatulan sa Australia ng paglalabada ng pera at nagpapakasasa sa naging kinita sa prostitusyon***

Namumuhay si Mae Ja Kim ng marangyang istilo ng buhay na kasukat ng mga kinita sa mahigit 100 kababaihang manggagawang sekswal na kanyang kinalap mula sa TimogSilangang Asya at dinala sa Melbourne, Australia na pinangakuan ng magandang sahod at mga kundisyon. Hindi siya lisensyadong magpatakbo ng negosyong mga manggagawang sekswal o angkinin ang anumang mga kinita, ngunit ginawa niya. Mga walang lisensyang tagapangasiwa ang hinirang ni Kim upang pamahalaan ang mga sekswal na manggagawa at minimiting ni Kim sila para pag-usapan kung paano maisasagad ang matatrabaho ng mga kababaihan at pinagmumulta ang mga kulang ang ginawa. Gumagamit siya ng 12 mga mobile na teleponong nasa ibang mga pangalan noong oras na nag-iimbestiga ang pulisya. Ang mga kasamahan sa pagkakasala ni Kim ang tumutulong sa kanyang araw-araw na mga pagpapalakad sa mga manggagawang sekswal, pati na pangongolekta ng kinita at pag-oorganisa ng mga nakatokang-araw. Ipinakita sa pag-aanalisa ng mga buod ng bayad sa mga manggagawa ang batayan sa pagkalkula kung magkanong pera ang napapasakamay ni Kim mula sa kanyang mga krimen at nagresulta ng kautusang base sa halagang AU$2,509,000.00.

Sa paraang sundan ang pera, maipapakita ng mga imbestigador na si Kim ay direktang kasangkot sa pamamahala ng mga bahay-aliwan at ng pagtatrapiko sa mga tao para magpatakbo ng mga bahay-aliwan. Tinunton ang mga kinita sa mga krimeng ito pati na ang kanyang mariwasang istilo ng pamumuhay. Kinabibilangan ito ng tatlong mga apartment at isang bahay sa Melbourne, at maraming bilang ng marangyang mga sasakyan kabilang ang isang Audi 6, Mercedes Benz E500 at isang Grand Jeep Cherokee. Ang importanteng mga bahagi sa tagumpay ng kaso ay ang pagbubuong muli ng kanyang mga isinulat na tala na nagpapakita ng mga halagang ibabayad sa bawa't babae batay sa dami ng mga kliyenteng napagsilbihan at ang pagtutulungan sa pagitan ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ng Australia.

Ipinakikita ng litratong kuha doon sa marangyang Southbank apartment ni Kim nang siya ay arestuhin noong 2013 ang maraming mga hilera ng botelyang pabango, mga nakolektang maluluhong mga sapatos, mga kilalang pangalan na bag at dalawang kaha de yero.





Sa $2.5milyong kinita mula sa kanyang krimen, maipapakita ng mga pinansyal na imbestigador na si Kim ay gumastos ng $202,000 para sa mga produktong Prada, $115,000 sa Gucci at $24,000 sa Hermes. Itong mga kinita at ari-arian pati na ang apartment, bahay at mga sasakyan ay lahat kinamkam at kinumpiska noong bandang huli sa ilalim ng *2002 na Batas ng Mga Kinita sa Krimen ng Australia.*

# Seksyon 6: Pandaigdig na pagtutulungan

*Tala: Hindi pakay ng seksyon na ito ang magdetalye kung paano mamahala ng pandaigdig na pagtutulungan, dahil sa malaking hanay ng nakalabas na materyal tungkol sa paksang ito. Nakapokus ito sa kung paano ang pinakamabuting paggamit ng mekanismo ng internasyonal na pagtutulungan para masuportahan ang isang pinansyal na imbestigasyon.*

## 6.1 Bakit mahalaga ang pandaigdig na pagtutulungan?

Ang epektibong mga mekanismo ng pagtutulungan sa pandaigdigang krimen ay lubhang kinakailangang mga kagamitan sa pagtugon sa mga transnasyonal na krimen at isa itong pangunahing katangian sa isang epektibong sistema laban sa money laundering. Ang mga pangunahing dahilan ng pandaigdig na pagtutulungan na kalimitang kinakailangan upang masuportahan ang pinansyal na imbestigasyon ay:

- makakuha ng **ebidensya** mula sa ibang hurisdiksyon upang masuportahan ang pinansyal na imbestigasyon at
- matukoy, mapigilan, makumpiska at maipabalik **ang mga kinita ng krimen** at /o ang mga **instrumentalidad** at /o mga ari-arian para maipabalik o magbigay ng bayad-salanta.

## 6.2 Mga uri ng pandaigdig na pagtutulungan na karaniwang ginagamit para suportahan ang mga pinansyal na imbestigasyon

Ang mga mekanismong impormal ay kapakipakinabang para makatulong sa mga opisyal na maitatag ang kapwa hustisya sa hustisyang mga koneksyon sa pagkuha ng impormasyon sa labas ng pandaigdigang mga hangganan. May benepisyo sa impormal na pagtutulungan bago pa magsagawa ng kahilingang pormal na tulong sa pagdadamayan. Ang mga mekanismo sa impormal na pagtutulungan ay:

- **Mga daanan ng ahensya sa kapwa ahensya** (makakabilang dito ang pulis sa pulis o Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik sa kapwa Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik na mga ugnayan)
- **Mga daanan ng Pulis Internasyonal** (makakabilang dito ang pagpapalabas ng paunawa para hanapin ang kinalalagyan ng isang tao, para ang kanyang aktibidad na pinansyal ay makakayanang matunton)
- **Tala ng pagkakaintindihan o kaparehong mga kasunduan,** at
- **Mga impormal na ugnayan** ng anti-money laundering at pagbawi ng ari-arian.
    - Itong mga impormal na mga mekanismo ay kinabibilangan ng Magkakaugnay na Iba't-ibang Ahensya sa Pagbawi ng Ari-arian--Asya Pasipiko, Pulis sa Pulis (Mga nakapwesto sa Ibayong-dagat na Tagapamagitan sa Pulis/ mga panglegal na opisyal na itinalaga), at mga sistemang Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik sa kapwa Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik (ligtas na website ng Egmont).

## Pabatid

Hikayatin ang inyong bansa na sumali sa Magkakaugnay na Iba't-ibang Ahensya sa Pagbawi ng Ari-arian - Asya Pasipiko kung hindi pa sila naging miyembro. Ang Magkakaugnay na Iba't-ibang Ahensya sa Pagbawi ng Ari-arian - Asya Pasipiko ay isang impormal na ugnayan ng mga propesyonal na sumusuporta sa mga ginagawa ng mga miyembro, sa isang maramihang-ahensya na lebel, upang pagkaitan ang mga kriminal ng kanilang bawal na mga kinita.

Walang bayad na nauugnay sa pagmimiyembro sa Magkakaugnay na Iba't-ibang Ahensya sa Pagbawi ng Ari-arian - Asya Pasipiko. Ang pagmimiyembro ay lubos na boluntaryo at hindi ino-obliga ang mga bansa na magbigay ng impormasyon o magresponde sa mga kahilingan.

Makikita ang impormasyon sa **www.arin-ap.org/main.do**

Ang **Damayang Legal na Pagtutulungan** ay isang punong paraan para humingi ng pormal na Gobyerno-sa-Gobyernong pagtutulungan para **makakuha ng ebidensya mula sa ibang hurisdiksyon**. Ang Damayang Pagtutulungang Legal ay kakailanganin kung ang tulong ay hindi maibibigay sa pamamagitan ng impormal na mga paraan. Halimbawa, kung ang pagtulong ay kailangang gamitan ng sapilitang paraan, na ang ebidensyang hinahanap ay gagamitin sa korte, o kung ang kabilang bansa ay kailangang sumulat muna ng paghiling ng Damayang Pagtutulungang Legal.

Maaaring kailangan ang **ekstradisyon** para **dalhin ang nagkasala sa tamang hurisdiksyon** na harapin ang kriminal na pag-uusig o pagsilbihan ang sentensyang kriminal ukol sa isang ipinababalik sa bansa na paglabag. Ang kahilingan sa ekstradisyon ay maaaring may pakinabang din para masuportahan ang pinansyal na imbestigasyon sa pakay na pagtunton ng ari-arian. Ang iba pang uri ng internasyonal na pagtutulungan ay paglilipat ng mga nasentensyahang prisonero, pagtutulungan na may gagamiting ispesyal na teknik sa pag-iimbestiga at mga pinagsamang imbestigasyon.



## 6.3 Mga mahalagang pagsasaalang-alang

Kabilang sa mga pangunahing pagsasaalang-alang kapag nagsasagawa ng pandaigdig na pagtutulungan upang masuportahan ang inyong imbestigasyon ay:

- Gamitin ang mga mekanismong impormal para sa pang-umpisang mga pag-uusisa para malaman kung mayroon o walang ebidensya, mga nagkasala, mga biktima, o mga kinita sa pagtatrapiko sa mga tao na nakapwesto sa ibang bansa.
- Kunsultahin nang habang maaga pa ang inyong Sentrong Awtoridad para sa internasyonal na pagtutulungan, Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik at mga taga-usig upang maintindihan ang dadaanan ng makukuhang pormal at impormal na ipagbabahagiang impormasyon.
- Gumawa ng maagang pakikipagkontak sa mga katapat sa trabaho na nasa ibang bansa. Makakatulong ito sa paglilinaw kung ang impormasyon ba ay maaaring maibigay sa pamamagitan ng mga ugnayan na impormal o kung ang Damayang Pagtutulungang Legal ay kakailanganin. Makakatulong din itong linawin kung may anumang problemang legal na lilitaw at malinawan ang mga kakailanganin sa paghiling ng Damayang Pagtutulungang Legal.
- Kung kailangan ang Damayang Pagtutulungang Legal:
    - Linawin kung ano ang mga kakailanganin ng bansang hinihilingan ninyo ng impormasyon.
    - Iklaro ang gusto mong matamo at ilatag ang mga hakbang na iyong gagawin upang makamit ito.
        - Maaaring kabilang nito ang pag-iidentipika ng ari-arian, pagtatatag ng may benepisyong pag-aari, patutunayan ang bagong paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag at paghiling ng pagpigil, pagremata at pagpapabalik ng ari-arian sa sariling bayan.
    - Tiyakin na kumprehensibo ang inyong kahilingan at kasama ang lahat ng impormasyon at mga dokumentong kinakailangan ng hinihilingang bansa.
    - Maging maliwanag tungkol sa pormat ng ebidensyang ibibigay.
    - Magpalugit ng makatotohanang iskedyul sa pagpapatupad ng inyong kahilingan (pag-usapan ito ng ante-mano sa tatanggap).
    - Kung maghahanap ka ng isang kautusang pagpigil o pagpapa-remata na nakarehistro sa ibang bansa, tiyakin na ang inyong kautusan ay tama sa mga kinakailangan ng sistemang legal ng ibang bansang iyon.
- Maging may kamalayan sa balangkas ng pagkukumpiska at pagpapa-remata ng ibang bansang iyon na pinakikitunguhan mo at nang kanilang abilidad na makibahagi sa kumpiskadong ari-arian.

Halimbawa ng paggamit ng pandaigdig na pagtutulungan para sa isang pinansyal na imbestigasyon sa kasong pagtatrapiko sa mga tao:

May hinala ang pulisya na mayroong mga rekord ng bangko sa ibang bansa na pwedeng gamitin para sa pag-uusig ng isang nagkasala sangkot sa pagpupuslit ng mga tao.

Maaaring kabilang sa impormal na pagtutulungan ay:
Kokontak ang pulisya sa katapat sa trabaho na pulisyang nasa ibang bansa at hihingi ng kumpirmasyon kung may nabubuhay bang mga rekord ng bangko.

Kukumpirmahin ng pulisya kung may nabubuhay na rekord at nilalaman ng rekord sa bangko at kakasuhan ang nagkasala.

Maaaring kasama sa pormal na kooperasyon:
Itatanggi ng nagkasala na mayroon siyang koneksyon sa mga nakuhang rekord ng bangko. Alinsunod dito, kailangan ng mga taga-usig na ang mga rekord ay nasa matatanggap na porma para sa mga paglilitis ng kaso.

Ang pamahalaan ang gagawa ng kahilingan ng Damayang Pagtutulungang Legal sa ibang bansa upang makuha ang mga rekord ng bangko na nasa matatanggap na porma.

Ibibigay ng ibang bansang pamahalaan ang mga rekord na nasa matatanggap na porma.

## Pabatid

Habang nasa maaga pang tiyempo ng isang imbestigasyon, kumunsulta sa inyong Sentrong Awtoridad, mga taga-usig, at inyong Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik.

## Pabatid

Gumamit ng mga impormal na dadaanan ng pagbabahagian ng impormasyon **sa pag-uumpisa** ng imbestigasyon para makakuha ng impormasyon, ilinaw ang mga uri ng makukuhang impormasyon, tiyakin kung paano ang pinakamabisa para makuha ang karagdagang may kaugnayang impormasyon at mas mabuting tumbukin anumang pormal na kahilingan para sa impormasyon.

# Seksyon 7: Mga bagong paraan ng pagbabayad

Ang mga bagong teknolohiya ang nagbigay ng potensyal sa mas mura at mas episyenteng mga pagbabayad sa kabuuang mundo. Itong mga pagsulong ay tanda rin ng mga peligrong kinakaharap sa money laundering, pati na ang mas malaking walang pagkaka-palatandaan kumpara sa tradisyonal na mga paraang walang ginagamit na cash sa pagbabayad. Ang mga transaksyong gamit ang bagong mga teknolohiya ay karaniwang nasa labas din ng kontroladong pinansyal na sistema, maaaring siyang gumagana sa maraming bansa at nangyayari ang pagkakaroon ng iba't ibang anggulo na hindi mahahalata. Dahil sa mga kadahilanang ito, mahalagang ang mga gumagawa ng patakaran at mga imbestigador ay may kamalayan kung paano gumagana ang mga ito at paano magagamit ng mga kriminal na nagkasala. Kabilang sa karaniwang mga paraan ng pagbabayad na gamit ang bagong teknolohiya ay:

**Mga ismarteng kard (may nakaimbak na halaga)**
Isang plastik na kard na mukhang kard na pangkredito na may microchip na magagamit pambayad ng cash, na pinapayagang lumusot ang bayad bilang cash na hindi nagtitimbre ng pinamili doon sa account sa bangko—halimbawa, isang nakakargahang kard na bayad-na una pa man na malalagakan ng perang cash hanggang sa sagad na halaga, na tinatratong parang cash, na kung hindi nakarehistro sa online ay pwedeng gamitin na magpalabas ng pera mula sa mga Makinang Mahuhulugan at Makukuhanan ng Pera at ang ilang mga pamimili sa online at tindahan, na hindi konektado sa isang  account sa bangko.

**PayPal na mga pagbayad**
Isang online na elektronikong pitaka na naglilipat ng pera mula sa  kredit o debit na kard ng kustomer, account sa bangko at /o PayPal na account papunta sa mga account ng ibang mga gumagamit ng sistemang PayPal, pinapayagan ang mga nagtitinda at bumibili ng pagpadala at pagtanggap ng mga bayad sa online, sa teleponong mobile, o sa loob-ng-tindahan (sa ilang mga bansa).

**Cryptocurrency (halimbawa, bitcoin)**
Isang virtual currency na gumagana sa labas ng sistema ng pagbabangko. Direktang nangyayari ang mga transaksyon sa pagitan ng mga gumagamit, na hindi kailangan ng mga gumagamit na magbahagian ng mga may palatandaang impormasyon. Pinapayagan nitong maganap ang mga hindi nagpapakilalang mga transaksyon na protektado ng kumplikadong koda ng seguridad. Walang mga sentrong awtoridad na gagawa ng pera o magpapatunay sa mga transaksyon.

**Mga pagbabayad sa mobile na telepono**
Mga paraan ng pagbabayad sa teleponong mobile na ang operetyor ng telepono ang umaaktong tagapagitan sa bayad para awtorisahan, palampasin, at isaayos ang mga bayad. Ito ay pangkaraniwan kung ang pagkagamit sa tradisyunal na pagbabangko ay wala o limitado. Sa ganitong mga pagbabayad, ang inilipat na halaga ay maaaring nakakarga o nauna-na-ang bayad sa account ng telepono o ang halaga ay maaaring nakatago sa SIM ng kard. Ang mga pag-abante sa teknolohiya ng teleponong mobile at ismarteng kagamitan ay nagresulta sa kakayahang magamit ang mga kagamitan para sa pagbabayad sa pamamagitan ng radio frequency identification (RFID), near field communication (NFC) o kaparehong teknolohiya na hindi gagamit ng kard o tradisyunal na paglilipat sa bangko. Ang Apple pay at Google na pitaka ay mga halimbawa ng ganitong teknolohiya.

**Internet na pagbabangko at mga pagpipilian sa pagbabayad**
Ang pag-unlad ng internet ay nagresulta sa pagdami ng mga serbisyo sa pagbabayad na nakasalalay sa internet para magalaw ang mga pera papunta o palabas sa account ng bangko o kaya mula sa mga serbisyo sa pagbabayad ng mga institusyong hindi taga-bangko na natatanging gumagana lamang sa internet. Itong mga serbisyo ay nagdagdag ng mga peligrong ginagamit ang kompyuter o ismarteng mga kagamitan para sa pagbabayad na gamit ang mga kard pangkredito o mga account na itinatag sa mga bansang mababaw ang pagsunod sa mga obligasyong nasa pag-iingat ng kustomer at alamin ang iyong kustomer.


## Pabatid

Magkaroon ng kamalayan sa hanay ng mga bagong teknolohiya na ginagamit sa mga paglilipat ng mga pera. Kontakin ang inyong Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik para mapayuhan sa pag-iimbestiga ng ganitong mga paraan ng pagbabayad.



# Seksyon 8: Buod ng mga pabatid

- ✓ Magtatag ng kumprehensibong batas na anti-money laundering.
- ✓ Tiyakin na ang money laundering at ang bagong paglabag na lumitaw mula sa unang paglabag ay mauusig ng magkahiwalay.
- ✓ Magtatag ng batay sa walang-hatol na pagpaparemata.
- ✓ Gumawa ng mga aktibong hakbang para matiyak na ang magkahilerang pinansyal na mga pag-iimbestiga ay maging kalakarang bahagi ng lahat ng mga pag-uusisa sa pagpapatupad ng batas na nauukol sa krimeng may pinansyal na kinita pati na ang pagtatrapiko sa mga tao.
- ✓ Mangolekta ng mga istadistika sa mga ari-ariang nabawi at gamitin ang mga paglabag sa money laundering upang sirain ang kamada ng mga ugnayan sa pagtatrapiko sa mga tao. Isaalang-alang na isama ang mga ito bilang mga pangsukat sa trabahong ginagawa sa pagreresponde ng inyong Bansa sa mga kasong pagtatrapiko sa mga tao.
- ✓ Magbigay ng mataas-na-lebel na mga pagpapakita ng suporta sa pagsunod sa sistemang sundan ang pera sa mga imbestigasyong pagtatrapiko sa mga tao upang mahikayat ang pagpapasok at paghabol sa kaso sa lahat ng mga lebel ng inyong organisasyon.
- ✓ Tiyakin na kabilang sa inyong lokal na balangkas ang pinakamalawak na hanay ng Damayang Pagtutulungang Legal sa mga kasong money laundering, na ang kasong money laundering ay isang naipapauwi sa bansa na paglabag sa inyong pang-domestikong batas.
- ✓ Tiyakin na ang inyong pagresponde ay magdadala ng pagtitipunan ng sama-sama sa kadalubhasaan ng lahat ng mga kinauukulang mga ahensya (mga imbestigador, mga Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik, at mga taga-usig.) para matiyak na ang lahat ng mga paglabag ay lubos na naiimbestigahan.
- ✓ Gumamit ng sistemang pangangasiwa ng kaso para masundan ang pinansyal na impormasyon na inyong nakuha sa kabuuan ng inyong pag-iimbestiga.
- ✓ Tiyakin na isinaalang-alang mo ang mga panglegal na kinakailangan na siya mong pagkikilusan para makuha ang impormasyon. (halimbawa, mga karapatang pantao, pagkapribado, proteksyon ng datos at mga kinakailangan sa pagkakumpidensyal).
- ✓ Gamitin ang mga ugnayan ng pagbabahagian ng impormal na impormasyon habang nasa kaagahan pa ng inyong pag-iimbestiga. Gamitin ang mga ugnayan sa pagbabahagian ng pinansyal na impormasyon. Hikayatin ang inyong bansa na sumali sa Magkakaugnay na Iba't-ibang Ahensya sa Pagbawi ng Ari-arian—Asya Pasipiko  kung hindi pa sila dating miyembro na.
- ✓ Makipag-ugnayan sa inyong Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik at Sentrong Awtoridad habang nasa kaagahan pa ng inyong pag-iimbestiga.
- ✓ Magkamalay sa hanay ng bagong mga teknolohiya na magagamit sa paglipat ng mga pera. Kontakin ang inyong Yunit sa Pampinansyal na Paniniktik para mapayuhan sa pag-iimbestiga ng ganitong mga paraan sa pagbabayad.



# Ang **Prosesong Bali**



# Ang **Prosesong Bali**

sa Pagpupuslit ng Tao, Pagtatrapiko sa Mga Tao at Kaugnay na Transnasyonal na Krimen